

GALIT AKO KAY MAMA

AT IBA PANG KUWENTO

Mga Kuwentong Pambata

ARNOLD MATENCIO VALLEDOR

MGA NILALAMAN

Galit Ako kay Mama	3 - 7
Galos	8 - 10
Si Ilyaw at Si Wayli	11 - 14
Biyahe	15 - 20
Umiiyak ba Kayo Ma?	21 - 24
Ang Agimat ni Lino	25 - 30
Balagon	31 - 37
Ang Hiwaga ng Kamyas	38 - 43
Madyik Saranggola	44 - 48
Ang Ermitanyo at ang Tatlong Mangangaso	49 - 56
Si Tino at Si Usay	57 - 59
Si Juan Imperior	60 - 65
Ang Regalo ng Ninang niyang Titser	66 - 69
Si Tanduan at Si Hinulagan	70 - 76

GALIT AKO KAY MAMA

GALIT ako kay Mama. Nakakaasar kasi. Andaming ipinagbabawal. Andaming hindi ko dapat gawin, lalo na kay Charles, iyong beybi namin.

Halos limang taon bago ako nagkaroon ng kapatid. Nang sabihing kuya na ako, ganoon na lang ang tuwa ko. Para akong tinubuan ng pakpak. May makakalaro na ako sa loob ng bahay. Nagtatalon ako sa gayong isipin.

Kyut si beybi, madalas na puri ng mga dumadalaw sa amin. Singkit. Matangos ang ilong. May mga biloy sa magkabilang pisngi. Manipis ang makipot na labi. Bilugan ang mukha. Mamula-mula.

Kaysarap pisil-pisilin si beybi. Sa pisngi, sa braso at sa binti. Kaysarap ding pupugin ng halik. A, ang sarap pala nang may kapatid!

AKMANG hahalikan ko si beybi nang araw na iyon. Biglang kinabig ni Mama ang balikat ko. Hindi man lang dumantay ang labi ko kahit sa buhok ni beybi.

“Magigising ‘yan!” sabi ni Mama sa mahinang boses.

“Dampi lang naman. Sa noo lang.”

“Maiistorbo ang tulog. Alam mo bang nagpapalaki ‘yan?’”

“Dampi lang, Ma,” pagpupumilit ko. Na sinabayan ko agad ng paghalik sa mukha ni beybi.

At ang damping sinasabi ko ay naging mariin. May panggigigil.

Nagising si beybi. Umiyak nang malakas.

Agad iniwan ni Mama ang pagtutupi ng lampin. Kinurot ako sa singit.

Nakakainis!

KALILIGO ko lang. Hindi pa ako nakapagbihis.

“Basa ka. Hindi ka puwedeng yumakap kay beybi, sisipunin ‘yan.”

“Nagpahid na ako ng tuwalya, Ma.”

“Kahit na.”

“A, basta....”

Tinabihan ko si beybi sa katre. Mahigpit na niyakap. Hinalikan sa mukha. At pinisil-pisil sa braso at binti.

Nagpapasag si beybi sa katre. Nagising. Umiyak nang malakas.

Madaling iniwan ni Mama ang pag-aayos ng kurtina sa bintana. Pinalo ako sa puwit.

Nakakabuwisit!

PINALILIGUAN si beybi. Gusto ko, ako ang magsasabon dito, ang maghihilamos o magbabanlaw kaya. Pero ganoon na lang ang pagsaway ni Mama.

“Baka masabunan ang mata at ang bibig ni beybi. Baka malagyan mo ng tubig ang ilong at ang tenga... Akin na ang sabon!” Kinuha sa akin ang sabon. “Maglaro ka na lang sa labas, sige na!” Ipagtatabuyan pa ako.

Nakayayamot!

NAGLULUTO ng tanghalian si Mama. May naisip akong ideya upang makarga ko si beybi.

Matagal ko na kasing gustong makarga si beybi. Kaya nga lang, matindi ang pagtutol ni Mama.

“Naku, Michael, di mo pa kayang kargahin si beybi!”

“Kaya ko ‘yan. Malakas naman ako, a. Isa pa, ang liit-liit pa naman ni beybi, e.”

“Hindi ganoon kadali ang kumarga ng beybi.”

“Isang beses lang, Ma.”

“Ba’t di ka ba napagsasabihan?”

“Andamot-damot n’yo!” Lumalayo akong nagdadabog. “Gusto kasi, siya lang ang kakarga!”

Sa sama ng loob, lumabas ako sa ulanan. Pumunta sa gitna ng kalsada. Nagbabad ako sa ulan, lalo na nang magyaya ng laro sina Allan at Mark.

Kinagabihan, inapoy ako ng lagnat. Nilagyan ni Mama ng basang bimpò ang noo ko. Pinainom din ako ng gamot. Pero naroon pa rin ang hinanakit ko.

Kinabukasan, nagising akong nahihirapang huminga. Barado ang ilong ko, may sipon. Nairita ako. Pero nang maalaala ko na malambing sa akin si Mama at anumang hilingin ko ay ibinibigay niya sa tuwing maysakit ako, may nabuhay na sigla sa dibdib ko. May dahilan ako upang makarga si beybi.

Pero nang tangkain kong kargahin si beybi, mas matindi ang naging pagtutol niya. Imbes na payagan akong kargahin si beybi, pinagsabihan pa akong huwag lalapit dito. Huwag na huwag ko raw hahalikan, lalo na sa mukha.

“Alam mo bang madaling mahawaan ng sipon ang beybi?”

Naloko na. Hindi na nga makakarga, hindi pa rin makahahalik!

Parang gusto ko nang maniwala sa madalas sabihin sa akin ni Tang Kulas na hindi na ako mahal ni Mama, na si beybi na lang ang lab niya.

NARINIG ko ang pagpiprito ng bangus ni Mama. Abalang-abala sa pagluluto.

Dahan-dahan, tumungo ako sa kuwarto.

Anong saya ko nang makita kong mahimbing na natutulog si beybi. Nasa katreng may kutson. May dalawang unang hugis hotdog sa magkabilang tabi nito.

Dahan-dahan, inalis ko ang isang unang hugis-hotdog. Humiga akong pataob sa tabi ni beybi. Hinaplas-haplos sa binti at bisig. Panay ang halik ko sa mukha niya. Matagal-tagal na ring hindi ko siya nahahalikan.

Gumalaw si beybi, bahagya, ngunit hindi umiyak. Himbing na himbing.

Bumangon ako. Paluhod, dahan-dahan kong kinarga si beybi. Itinayo ko siyang sapo ng dalawang bisig. Iniugoy.

“Sabi ko na nga bang kaya na kitang kargahin, beybi, e,” sabi ko, waring kinakausap si beybi, habang tuloy pa rin ang pag-uugoy.

A, kaysarap kargahin ni beybi.

Pero habang tumatagal, parang bumibigat si beybi. Ang mga bisig ko, nangangalay na.

Maya-maya, nakaramdam ako ng kiliti sa ilong. Napabahing ako. Gumalaw si beybi. Sumipa-sipa at nag-inat ng dalawang kamay. Umiyak, sabay biling ng ulo.

Nataranta ako. Ambigat-bigat na ni beybi sa pakiramdam ko. Gusto kong ilapag si beybi pero hindi ko magawa. Namimitig ang aking mga paa. Sa walang maisip gawin, sinabayan ko ang pag-iyak ni beybi.

“Ma... Ma!” tawag ko kay Mama sa pagitan ng malakas na iyak.

Pumikit ako upang magdagdag ng lakas sa pagkarga. Pero siya namang pagtagilid ni beybi. Kumakawala siya sa aking mga kamay.

Nangingig ako sa takot. Parang nakikini-kinita ko na ang kahihinatnan ni beybi. Hinintay ko na lang na marinig ang kalabog sa katre. Ngunit wala akong narinig na anuman, maliban sa unti-unting pagtigil ng iyak ni beybi.

Nagmulat ako ng mata. Nakita ko si beybi na karga-karga na ni Mama. Hinahalikan sa halos lahat ng parte ng katawan. Niyayakap, halos ibaon sa dibdib.

Hinintay ko ang kurot sa singit at palo sa puwit. Ngunit hindi ako sinaktan ni Mama. Abala sa paghalik-halik at pagyakap-yakap kay beybi.

Nanlumo ako. Para akong kandilang nauupos. Paano na lang kung tuluyang nahulog si beybi?

Kinabukasan, hindi makahinga halos si beybi dahil sa sipon. Bagamat sinisipsip ng saksiyon, hindi nagtatagal ay barado na naman ang ilong.

Awang-awa ako kay beybi. Doon ko pa lang tuluyang naunawaan si Mama.

“Ma, sori!” sabi ko sa pagitan ng hikbi.

Hinalikan ako sa pisngi ni Mama.

-Lumabas sa Liwayway Magasin noong Oktubre 8, 2001-

GALOS

MAAGA kaysa karaniwan ang paggising niya. Ang liwanag na lumalagos sa nakabukas na bintana ng kanyang kuwarto ay nagmumula sa poste ng elektrisidad, hindi sa silahis ng araw.

Gumalaw siya. Mabigat ang kanyang katawan. Parang binugbog. Iniunat niya ang mga paa. Masakit. Makirot din ang kanyang tuhod.

Napakatahimik ang paligid. Anong oras na kaya? Matutulog kaya siya uli. Pero hindi ba nagdasal pa siya sa Diyos bago matulog kagabi na gigisingin siya nang maaga?

“Kung gusto mong matuto, kahit gaano katinding sakit ay tiisin mo, kayanin mo,” sabi ng kanyang Papa kagabi habang nagrereklamo dahil sa naramdamang pananakit ng katawan. “Walang sinumang natutong magbisikleta na hindi nagalusan.”

Makikita n’yo, Pa, pagsikat ng araw ay marunong na marunong na akong magbisikleta!

Lumabas siya ng kuwarto. Maingat niyang kinuha ang bisikleta na naka-*stand* sa gilid ng sala nila.

Malayo pang sumikat ang araw. Tanging mga ilaw sa poste ang tumatanglaw sa kanya. Wala pa ring katau-tao sa nasemento nang kalye ng San Nicolas. Nangiti siya. Walang kakantiyaw sa kanya sakali mang matumbang uli, gaya ng nangyari kahapon.

Malayu-layo na siya noon sa kanyang Papa. Pinakiusapan niya itong huwag na siyang alalayan. “Hayaan n’yo na po akong mag-isa,” sabi niya.

Pinagbigyan siya ng kanyang Papa. “Alisin mo ang takot sa dibdib,” sabi pa sa kanya. “Isipin mong nasa iyo at wala sa iba ang pagtumba o patuloy na pagtakbo mo.

Ayusin ang bawat galaw mo. Gawing matalas ang mata at isip. Kung hindi, magagalusan ka....”

May limampung metro na siguro siyang natatakbo nang biglang tumawid sa kalsada ang dalawang pusang naghahabulan. Nagulat siya. Ninerbiyos. Natumba.

“Ilan bang alimango ang nadakma mo?” kantiyaw ng mga kapwa batang nakakita sa kanya. “Pahingi naman ng isa nang may pang-ulam ako mamaya!”

“Masarap bang lumangoy sa dagat na walang tubig!” tudyong ng isa pa.

Natigil lamang ang pangangantiyaw sa kanya nang makalapit ang kanyang Papa. Nagtaguan ang mga alaskador.

Ang pagkatumba niyang iyon ang nagpapabigat sa kanyang katawan at gumalos sa kanyang tuhod.

SUMAKAY siya sa bisikleta. Sa unang pedal, nabanat muli ang balat sa tuhod niya. Masakit.

Paano ka matututo kung papansinin mo ang sakit?

Sa makailang pedal lamang ay nagpepreno na siya at itinutukod ang paa dahil hindi niya maayos na napaninibangan ang bisikleta. Sa kalaunan, palayo nang palayo ang kanyang natatakbo. Hanggang sa pati siya ay namangha dahil tuluy-tuloy na ang pagpapatakbo niya.

Natuwa siya. Hindi niya napigilan ang mapasigaw. “Yeheeeeey! Marunong na ako!”

Ipinasya niyang umuwi ng bahay. Ibabalita niya sa kanyang Papa na natuto na siyang magbisikleta. Gigisingin niya ito kung natutulog pa.

Iniliko niya ang bisikleta pabalik sa bahay nila.

Sa sobrang tuwa at tiwala sa sarili, naging mabilis ang pagpapatakbo niya.

Hindi niya napansin ang medyo malaking bato na naligaw sa gitna ng kalsada. Nasagasaan niya iyon. Pumaling ang bisikleta sa kaliwa. Dahil mabilis ang takbo niya, hindi niya nagawang itukod ang kanyang mga paa, pati ang pagpreno ay nakalimutan niya. Naramdaman na lamang niya ang kanyang pagsalisid sa kalsada, kasama ang bisikleta.

Nawalan ba siya ng malay?

Naramdaman niyang may bumabangon sa kanya. Ang kanyang Papa. Napayakap siya rito.

Ibig niyang umiyak ngunit nagpigil siya.

“Kung sa tingin mo’y marunong ka na, h’wag mo pa ring kaliligtaan ang pag-iingat dahil kung minsan, ang sobrang tiwala sa sarili ay siyang nagpapahamak sa tao,” sabi ng kanyang Papa. “Uuwi muna tayo sa bahay nang magamot ang sugat mo.”

Tiningnan niya ang mga nanghahapding bahagi ng kanyang katawan. Hindi niya mabilang ang galos niya sa braso, bisig, binti at tuhod.

Tiningnan niya ang bisikleta. Naka-*stand* na ito malapit sa kanya.

Hindi muna siya uuwi. Walang anuman ang kanyang mga galos. Walang anuman ang nararamdaman niyang sakit....

Sumakay siya sa bisikleta. Napansin niya, namimitak na ang bukung-liwayway. Sisikat na ang araw.

“Kaya mo pa ba?” tanong ng kanyang Papa.

“Kayang-kaya!”

-Lumabas sa Liwayway Magasin noong mga unang buwan ng 2004 (nawala ang personal na kopya ng awtor)-

SI ILYAW AT SI WAYLI

NAGTUTUPI ako ng damit sa sala nang pumasok ka mula sa pakikipaglaro sa iyong mga kasinggulang. Tuloy-tuloy ka sa pagpanhik sa hagdan.

Napansin ko, padabog ang mga kilos mo, makulimlim ang mukha at kagat ang labi.

Sinundan kita. Sa iyong silid, napansin kong nakarapa ka sa kama, yumuyugyog ang iyong mga balikat. Umiiyak ka.

Umupo ako sa gilid ng iyong kama. Idinantay ko ang aking palad sa balikat mo. Masuyo kitang kinabig, patihaya.

“Anak, bakit?”

“Ma, totoo ba?”

“Alin?”

“Na di n’yo ako mahal?”

“Bakit mo naman nasabi ‘yan?”

“Sabi ng mga kalaro ko, di raw mahal ng magulang ang anak na madalas inuutusan gaya ng pagliligpit ng hinigaan, pag-iigib, pagsasaing, paghuhugas ng pinggan at pagbubunot ng sahig.”

“Ano sa palagay mo, Anak?”

“Tamad daw po kasi kayo...”

“May ikukuwento ako sa iyo, Anak. Makinig ka....”

SA MAYABONG na kagubatan ng Alinawan, may dalawang pugad ng kilyawan na masinop at matibay na nasa magkabilang puno ng akasya. May tatlong inakay ang bawat pugad. Kay Ilyaw ang unang pugad at kay Wayli naman ang ikalawa.

Magkapatid sina Ilyaw at Wayli. Ngunit magkasalungat sila ng mga pananaw sa buhay.

Isang araw, maaga pa ay inihahanda na ni Ilyaw sa paglipad ang kanyang mga inakay.

“H’wag n’yong kalimutang ikampay ang inyong mga pakpak,” paalala ni Ilyaw sa tatlong inakay. “H’wag matakot sa bugso ng hangin. Tibayan ang loob upang sa paglipad ay pumaimbulog at hindi bumulusok.”

Narinig iyon ni Wayli. Napaismid. “Ilyaw, madali ka yatang nagsawa sa paghahanap ng pagkain para sa’yong mga inakay?”

“Bakit mo nasabi ‘yan, Wayli?”

“Tinuturuan mo nang lumipad ang iyong mga inakay upang di ka na mapagod sa pagpapakain sa kanila!”

“Sapat na ang sukat ng kanilang mga pakpak upang makalipad.”

“Tamad ka!”

“Hindi katamaran ang magturo sa mga inakay ng mga bagay na dapat nilang malaman.”

NAKALILIPAD na ang tatlong inakay ni Ilyaw. Nawiwili nang magpalipat-lipad sa kagubatan. Nagpapabilisan na sa pag-imbulog sa papawirin. Madalas, tuwing hapon, ay nag-uunahang bumalik sa puno ng akasya.

Natuto na rin ang tatlong inakay na maghanap ng pagkain. Nanghuhuli na sila ng maliliit na kulisap. Nanunuka na sila ng mga ligaw na bungangkahoy.

“Ngayon, Ilyaw, malaya ka na,” pang-uuyam ni Wayli. “Makakagala ka na kung saan mo gusto. Wala ka nang alalahanin sa iyong mga inakay. Sariling-sarili mo na ang oras mo!”

“Kapatid, hindi ko kailanman inisip ang magpasarap sa buhay,” sabi ni Ilyaw. “Ang tanging hangad ko, ihanda ang aking mga inakay sa pagharap sa buhay.”

“Magaling!” pumalampak pa si Wayli. “Pinagaganda mo lamang ang tawag sa katamaran--- paghahanda sa buhay!”

At gaano mang pilit ni Ilyaw kay Wayli na turuan na ring lumipad ang mga inakay nito upang matuto na ring makapamuhay sa sariling pamamaraan ay hindi pa rin napapayag ito.

“Hindi ako tamad, gaya mo,” sabi ni Wayli. “Kaya ko pang pakainin ang mga inakay ko.”

“Ikaw ang bahala,” sabi ni Ilyaw. “Pero paano na kaya ang mga anak mo kapag dumating ang araw na matirador o mabaril ka kaya? H’wag naman sanang mangyari... mamamatay ang mga inakay mo sa gutom.”

ISANG araw, hindi sinasadya, nagkasama sina Ilyaw at Wayli sa pamamasyal sa malawak na bukid ng Lawod. Lumipad-lipad sila sa tapat ng palayang may mapipintog nang butil ang mga uhay. Sinuyod nila ng tingin ang mga kulisap na kanilang makakain o maiuuwi sa kani-kanilang mga inakay.

Lumapag sila sa isang pinitak na may maraming kulisap. Nagpakabusog sila.

Manghuhuli na sana ng mga kulisap na iuuwi nang may biglang sabay na nagpapaputok sa kanila. Lumipad silang paitaas. Ngunit hindi nila maikampay nang maige ang kanilang mga pakpak. Napansin nilang bali ang tig-isa nilang pakpak.

Sinikap pa rin nilang makalayo.

May dalawang taong may hawak na tig-isang *air gun*. Ang mga ito ang bumaril sa kanila. At muli, sila ay pinaputukan.

Bumagsak sila sa palayan. Bago nagdilim ang paningin, nasabi ni Wayli: “T-tama ka, Ilyaw. T-tama ka... k-kawawa ang mga inakay ko!”

“KUNG gayon, para sa kabutihan ko rin ang ginagawa n’yo, Ma?”

“Oo, Anak. Gaya ng mga inakay sa kuwento, panahon na upang matutuhan mo ang pagpapahalaga sa paggawa.”

“Mali pala sina Bonbon, Tonton at iba pang kalaro ko!”

Ginulo ko ang buhok mo. “Siguro naman, wala akong ipinagawa sa iyo na napilayan o napahamak ka, meron ba?”

“Wala po, Ma.”

“Dahil mahal kita!”

“Mahal din kita, Ma!”

Yumakap ka sa akin nang mahigpit. Yumakap din ako sa iyo. Mahigpit din.”

-Lumabas sa Liwayway Magasin noong Hulyo 19, 2004-

BIYAHE

“ARAAAY! Dumugo yata ang noo ko!”

“Nakita mo nang itinatali ko itong bombang de-hangin sa kargadera ng motorsiklo, e... umuntog ka pa!”

“Bakit kasi magdadala pa n’yan? Alisin n’yo na po ‘yan, Pa. Pati na ‘yang plangka at nakasupot na *interior*.”

“At nandamay ka pa. Saan ka, susundin ko ang gusto mo pero di ka isasama sa Virac o isasama ka pero di ko susundin ang gusto mo?”

“O, ano’t parang nagtatalo kayong mag-ama? Dinig ko sa loob ng bahay habang inaayos ko ang mga kakailanganing damit natin....”

“Ma, salbahe kasi ang bomba.”

“Sino ba’ng umuntog... ang bomba o ikaw?”

“Si Mama... kakampihan pa yata ang bomba, a.”

“Yong puto, bibingka’t *cassava roll* na nasa *Tupperware*, di n’yo ba nakalimutan, ha, Eva?”

“Narito na po sa bag, ‘Nay.”

“Sabihin n’yo na lang kina Manay Fe mo na di kami makararating... ‘kamo’y walang tatao sa bahay. Magdarasal na lang kami ng pasasalamat para sa kanyang *cumpleaño*. O, ikaw, apo... wag kang masyadong makulit at malikot sa biyahe, ha? Sa *beach*, wag kang basta lulusong sa tubig na di kasama si Mama at si Papa mo.”

“Opo, Lola.”

“Ingat kayo sa pagbibiyaha....”

“WOW! Kaysarap ng hanging sumasalpok sa mukha ko, Pa, pakibilisan n’yo pa!”

“Ano ang bilin sa’yo ng Lola mo, Anak?”

“Wag malikot sa biyahe.”

“E, ano ang ginagawa mo? Baka makabig mo ang manibela’t maaksidente tayo.”

“Magaling na drayber si Papa, Ma. Di ba, Pa?”

“Walang magaling na drayber kung ang manibela’y biglang makakabig ng kaangkas lalo na’t nasa mabatong kalsada.”

“Nagsusungit na naman kayo, Pa.”

“Tama ang Papa mo, Anak. Kung mabagal o katamtaman ang bilis ng pagpapatakbo natin ay madali tayong makaiwas sa aksidente. Pero kung mabilis ay mahihirapan tayong makaiwas sa kapahamakan.”

“Gano’n po ba ‘yon?”

“Oo.”

“ARAY ko! Malubak na naman ang kalsada, Pa. Sana, sementado na lang ang lahat ng kalsada. Bakit kasi putol-putol ang pagkakasemento? Pasalit-salit. Sa atin sa Panganiban, sa poblasyon ay sementado. Pagdating sa Can-amhi hanggang sa Bateriya, malubak. Sa poblasyon ng Viga, sementado. Sa Carotan, malubak. Sa Oco, sementado. Sa Roxas hanggang sa paakyat ng Summit, malubak. Ngayon, sa Nursery, malubak na naman.”

“Aba, mukhang kabisado mo ang mga lugar na nararaan natin, a.”

“Di po ba, bilin n’yo sa ‘kin, ikabesa ko ang mga lugar?”

“Berì gud!”

“Alam mo, Anak, sa aking pagbibiyahè mula sa atin sa Panganiban hanggang sa Virac o pabalik, naihalintulad ko na ito sa buhay. Nasabi ko sa sarili na ang biyahè ay buhay... at ang buhay ay biyahè.”

“Pa’no ba ‘yon, Pa?”

“Ang sementadong kalsada ay tulad ng magandang kondisyon ng buhay. Walang problema, kaysarap at kaygaan ng pakiramdam, kay tamis ng ngiti sa labi. Halos lahat ng tao, bagay o hayop ay kakampi mo. Ang malubak na bahagi ng kalsada ay tulad ng madilim na kondisyon ng buhay. Napakaraming problema, pasan ang daigdig, laging may namumuong luha sa mga mata. Halos lahat ng tao, bagay o hayop ay galit sa iyo. Ang salit-salitang lagay ng kalsada ay tulad ng pagkakaroon ng problema sa buhay at ang pagkakalutas niyon... at muling pagkakaroon ng problema at pagkakalutas niyon.”

“Dapat pala, sementado ang lahat na kalsada upang wala nang problema!”

“Ha-ha! Hindi iyon ang ibig kong sabihin. Kahit sementado na ang lahat ng kalsada, ang kalakaran ng buhay ay salitan pa rin. Naihahambing ko lang ang buhay sa kalsada natin dahil ‘yon ang lagay nito sa kasalukuyan.”

“May magandang ipinahihiwatig ang pagsalit-salit ng mga pangyayari sa buhay natin, Anak.”

“Ano po ‘yon, Ma?”

“Matuto kang maglaan ng lakas para sa panibagong problema na posibleng dumating sa buhay mo. At pagsumikapan mo namang lutasin ang anumang problema dahil alam mong may magandang buhay na naghihintay sa ‘yo.”

“Gano’n po ba ‘yon?”

“Oo.”

“O, KAPIT! Gumegewang tayo.”

“Bakit, Pa?”

“Na- *flat* ang gulong!”

“E, pa’no pa tayo makararating sa Virac? Wala namang *vulcanizing shop* dito. Wala pang kabahay-bahay. Bundok at bangin ang makikita sa magkabilang gilid ng kalsada. Paraiso pa naman ang pangalan ng lugar....”

“Baba muna kayo.”

“Baba raw po tayo, Ma.”

“Sige, mauna ka’t abutin mo ang bag na nasa pagitan namin ng Papa mo.”

“May kabigatan din pala ang bag na ito!”

“S’yanga pala, masakit pa ba ang noo mong nauntog sa bombang de hangin?”

“Di na po gaano, Ma.”

“Galit ka pa ba sa bomba?”

“Opo... salbahe, e!”

“Ano sa palagay mo ang mangyayari sa ‘tin sa alanganing lugar na ito kung di natin dinala ang bomba, plangka at reserbang *interior* gaya ng gusto mong mangyari kanina?”

“Oo nga, ano? Di ibig sabihin, Ma... mapapalitan ni Papa ang gulong na na-*flat* at matutuloy pa rin ang biyahe natin?”

“Oo. Gaya ng ginagawa na ngayon ng Papa mo.”

“Di ko naisip ‘yon, a.”

“Sa pagbibiyahe, dapat ay lagi kang naniniguro. Wag isiping umalis ka ng bahay na matigas ang gulong ng sasakyan ay makararating ka na sa ibig mong puntahan. Kung mapapansin mo, Anak, di lang ang mga kinaiinisan mo kanina ang dala natin kundi pati ang mga kasangkapang ginagamit ko ngayon.”

“Parang biyahe, kailangang paghandaan mo ang anumang bagay na p’wedeng mangyari sa buhay mo. Lalo na sa panahon ng problema, sa panahong nasa malubak kang bahagi ng buhay. Dapat, bukas ang isip sa anumang bagay, may tibay ng loob at may pananalig sa Diyos. Tandaan mo, ang maagang pagkatuto at pagpapalawak ng kaalaman ay matibay na sandigan sa pagkamit ng pangarap sa buhay.”

“Matututo rin ako, Pa.”

“S’yempre, may pagmamanahan ka.”

“At sino naman ‘yon, aber?”

“Tayong dalawa.”

“Akala ko, sosolohin mo na naman.”

“Di ako makasarili. Kaya kahit alam kong ako lang ‘yon, isinasali pa rin kita.”

“Aba... kaysarap batukan!”

“WOW! Narito na tayo sa Virac! Kayganda pala ng Virac. Parang *city* na napapanood ko sa tv!”

“Pagkatapos ng animnapung kilometrong biyahe, narito na tayo sa El Artes, sa Eatern Cavinitan.”

“Akala ko, Pa... sa *beach*.”

“Daraan muna tayo kina Tiya Fe mo. Pagkatapos, sama-sama na tayong pupunta ro’n.”

“Hay, pagkatapos ng sakripisyo sa pagbibiyahe, magpapakabusog at mag-e-enjoy naman sa paglalangoy-langoy sa *beach!*”

“Aba... mukhang natuto ka na, Anak.”

“S’yempre po, may pagmamanahan yata ‘to!”

“Ha-ha-ha-ha-ha!”

-Lumabas sa Liwayway Magasin noong Nobyembre 15, 2004.

Freelipiniana

UMIIYAK BA KAYO, MA?

“BAKIT ka umiiyak, Anak? Ano’ng masakit sa’yo? Ulo? Tiyan? Magsalita ka.”

“Kasi po, lagi na lang akong tinutukso ng mga kaklase ko tuwing *recess*. Laging isa raw ang *order* ko sa *canteen*. Isang tuhog na *banana cue*. Isang tuhog na *camote cue*. Isang balisungsong. Isang biko. Isang maruya. Lagi raw marami ang kinakain nila at ang sa akin ay kakaunti.”

“Wag mong pansinin ‘yon. Ang mahalaga ay nabusog ka. Nabubusog ka ba sa mga binibili mo?”

“Opo. Malalaki kasi ang kanilang paninda.”

“Yon naman pala e.”

“Nakakaasar po kasi. Kahit uwian na, kinakantiyawan pa rin nila ako. Sabi nila, kawawa naman daw ako. Kaunti lang daw ang perang ipinababaon sa akin pero sa kanila ay dumagdag pa raw ng piso.”

“Hayaan mo, babalik din sa dati ang baon mo. Pero wag muna ngayon. Kakaunti na lamang kasi ang sinasahod ng Papa mo.”

“Ba’t po kakaunti?”

“Kasi, marami tayong utang. Sa GSIS. Sa Pag-IBIG. Sa MANILA TEACHERS’...”

“Ba’t po nangutang?”

“Nagpagawa tayo ng bahay, di ba? Nagpagawa pa ng *built-in cabinet*, katre, mesa at dapog.”

“Sana po, di na lang nagpagawa ng bahay. Sana kumpleto ang baon ko. Baka dumagdag pa ng piso kagaya ng sa mga kaklase ko.”

"Para sa kaligtasan din natin ang pagpapagawa ng bahay na bato. Di ba, madalas tayong binabagyo? Natatandaan mo ba 'yong huling *super typhoon* na dumaan dito sa 'tin? Di ba, dumapa ang bahay nating kahoy at pawid dahil nabagsakan ng bubong na yero ng bahay nina Tang Karid? Di ba, 'yon din ang nakasira sa ilang kasangkapan natin sa bahay? Kung hindi tayo lumikas noon at nakisilong sa bahay na bato nina Tang Pintoy, ano kaya sa palagay mo ang nangyari sa atin?"

"Baka po nadisgrasya tayong lahat, Ma."

"Kaya para maging matiwasay ang isip natin... nagdesisyon ang Papa mong magpagawa ng ganitong bahay. Mahal n'ya kasi tayo."

"Talaga po, Ma?"

"Oo. Mahal na mahal. Di ba, noon ay nagpiknik tayo sa Sara-saraan, umakyat sa Parola sa Panay, namasyal sa Virac, kumain sa restawran at namili ng kung ano-anong maibigan? Ngayon lang tayo kailangang magtipid dahil sa mahigit na lamang na *three thousand pesos* ang natitira sa sahod ng Papa mo."

"Di ba, malaki na po 'yon?"

"Maliit na halaga 'yon, Anak. Pagkakasyahin kasi natin 'yon sa loob ng isang buwan."

"Di ba, dati po'y sampung piso ang baon ko araw-araw? Limang piso sa umaga at limang piso sa hapon. Di ba, maliit lang naman ang nababawas sa sinasahod ni Papa para sa baon ko?"

"Malaki, Anak. Dalawang daang piso."

"Sa ngayon po...?"

“Kada buwan, sa anim na piso araw-araw, umaabot na lang ng *one hundred twenty pesos*. Ibig sabihin, nakatipid tayo ng walumpong piso. Pero hindi nangangahulugang isinasakripisyo natin ang ‘yong meryenda. Di ba, sabi mo’y nabubusog ka rin? Basta ang mga bibilhin mo’y hindi *junk foods* na walang sustans’yang naibibigay sa’yong katawan.”

“Aanhin naman po ‘yong natitipid sa baon ko?”

“Ano sa palagay mo?”

“Pambili po ba ng papel at lapis?”

“Tama, Anak. Gagastusin natin ‘yon sa mga gamit mo sa *school*. Alam mo ba kung ano-anong paraan na ang ginawa- at ginagawa- ng Papa mo upang makaraos tayo kada buwan? Noong nakaraang buwan, nagtanim siya sa Cambalagon ng kamote, kamotengkahoy, *gahok*, ube, gabi, sitaw at kangkong upang hindi na raw tayo bumili pa ng mga pagkaing-ugat at gulay. Ang maganda pa, sabi niya, ay makapagbebenta pa tayo. Sumasama rin siya kay Tang Paking sa Bayhan kada Sabado upang manguha ng kahoy na panggatong. Mahal na kasi ang LPG ngayon. At nagpasiya na rin siyang hindi na lang uuwi tuwing tanghali mula sa pinapasukang paaralan upang makatipid sa gasolina. Mahigit na limang kilometro kasi ang layo ng pinapasukan niyang *school* sa atin.”

“Gano’n po ba?”

“Oo, Anak. Ngayon naiisip ko nga- tatal, malaki ka na rin- babalik na ako sa pananahi. Makaambag man lang ako sa pangangailangan natin sa pera. Nakausap ko si Nang Tering noong isang araw. Nangangailangan daw sila ng mananahi.”

“Papayag kaya si Papa, Ma?”

“Ang anumang problema’y madaling malutas kung ang mag-anak ay magtutulungan sa paglutas nito, di ba?”

“Ma...”

“Anak....”

“Simula po ngayong hapon, di ko na papansinin ‘yong mga nang-aasar sa akin.”

“A-anak....”

“Ba’t po kayo lumuluha? Umiiyak ba kayo, Ma?”

-Lumabas sa Liwayway Magasin noong Marso 21, 2005-

Freelipiniana

ANG AGIMAT NI LINO

ANG PAGNANAIS na magkaroon din ng agimat ang siyang nagtulak sa aming tatlo nina Michael at Charles na pumunta kina Lino sa Marbog, lugar na maraming nakatanim na sasa na sumasakop sa gawing silangan at hilaga, niyog sa gawing kanluran at kahali-halinang paliguan sa gawing timog na ang dumadaloy ay magkahalong tubig-tabang na galing sa ilog ng Tinhaw at tubig-alat na galing naman sa dagat ng Languad.

Masisigla kami. Hindi namin pinapansin ang maputik na daan. May kasabay na ngiti ang bawat hakbang namin. Hindi namin alintana ang layo ng lugar mula sa Poblasyon. Wala kaming pagod na nararamdaman. Ang *knapsack* na dala namin, imbes na magdulot ng sakit sa balikat, ay tila nagiging pakpak pa namin sa paglalakbay.

Naglalaro lagi sa isip namin ang agimat.

“Pag nabigyan na tayo ng agimat ng nuno sa punso ay mapapansin din tayo sa klase!” masayang turan ni Michael.

“Hahanga rin sa atin ang mga kaklase natin!” sambot naman ni Charles, tila nangangarap.

“Bibilib na rin sa atin si Ma’m!” sabi ko naman, nangingiti.

“Tama ka,” salo ni Michael . Sasabihin ni Ma’m... *Very good, Michael... What an intelligent boy!*”

“Sa akin,” susog ni Charles, “sasabihin ni Ma’m... *Let’s give Charles a Yes clap... A Wow clap!*”

“Sa akin,” patianod ko, “sasabihin ni Ma’m... *The J.P. Rizal of Panganiban. The contender of Lino!*”

SI LINO ang pinakamatalino sa aming klase. Wala pang tumatalo sa kanyang galing mula *Grade One* hanggang ngayong *Grade Six* na kami. Napakadali sa kanya ang anumang pagsusulit. Ni hindi siya napaiiling o napakakamot sa ulo sa pagsagot sa bawat aytem. Pinakauna pang magpasa ng *test paper*. Samantala kaming mga kaklase niya, lalo na kaming tatlo, ay hirap na hirap. Ipapasa lang ang papel, kung talagang *time* na. Na madalas, kulang-kulang pa ng sagot lalo na kung hindi *multiple choice*.

Nakagugulat ang mga *score* ni Lino.

“*Lino got a perfect score!*” i-a-announce ni Ma’m. “*What an intelligent boy!*”

Maging sa *recitation* ay napakagaling niya. Walang kaba sa pagsagot sa mga tanong. Walang pag-aalinlangan. Sa *English*. Sa *Science*. Sa *Mathematics*. Sa Filipino. At sa Makabayan *subjects*.

“*Let’s give Lino a Yes clap!*” sasabihin sa buong klase ni Ma’m sa bawat tumpak na sagot ni Lino. “*A Wow clap!*”

Pambato si Lino ng klase namin at ng *school* mismo sa Tagisan ng Talino. Lagi siyang nananalo. Madalas, *champion* pa.

Hanggang may natuklasan ako isang araw.

“May kaibigang nuno si Lino!” balita ko kina Michael at Charles. Lunes, habang nag-i-*snack* kami sa *school canteen*.

“Totoo?” si Michael, kandidilat.

“Sigurado ka?” si Charles, muntik nang mabitiwan ang ibos.

“No’ng Sabado, sumama ako kay Tatay sa pangunguha ng sasa sa Marbog. Do’n sa lugar na malapit sa bahay nina Lino. Tatawagin ko sana siya nang matigilan ako. Napansin ko na nagsasalita s’ya kaharap ng malaking punso. Imbes na lumantad,

nagtago ako sa sasa. Kitang-kita ko ang pagkumpas-kumpas ng kanyang kamay. May kinakausap s'ya. Di ko lang mawawaan dahil maingay ang dahon ng sasa dulot ng hihip ng hangin!”

“Kaya naman ang galing-galing... may agimat pala!” bulalas ni Michael.

“Ano’ng dapat nating gawin?” si Charles.

“Di agawin natin ang agimat kay Lino!” turan ni Michael.

“Mahirap ‘yon! Mas maganda kung maging kaibigan din natin ang nuno,” sabi ko.

“Pa’no?” si Charles.

“Sa pagtatanong ko kay Tatay... kelangan daw na alayan ng isang buong pritong manok at isang bilog na gin ang nuno upang makausap.”

“Magastos pala!” si Michael.

“Kung payag kayo, sabi ko, “Mag-save tayo ng kahit na magkano sa baon natin. OK ba sa inyo?”

“OK!”

At habang nag-iipon kami ng pera para sa plano naming pakikipagkaibigan sa nuno, kinaibigan namin si Lino.

Hindi naging problema sa aming tatlo ang pakikipaglapit kay Lino. Madali namin siyang nakapalagayang-loob.

“Mag-aaral kayong mabuti,” sabi sa amin ni Lino, isang hapon, habang nagpapahinga kami sa lilim ng punong akasya dahil sa kapaguran sa paglalaro ng *agawang-base*. “Tiyak na tataas din ang *grades* n’yo. Tulad ng madalas sabihin ni Ma’m... *just review your notes and read your books every now and then!*”

Nakahahalata ba si Lino sa aming tatlo kaya nililihis niya ng direksiyon ang plano namin sa pagsasabi niyang mag-aral na lamang? Hindi ba't kung mabibigyan din kami ng agimat ay hindi na kami magpupuyat pa sa pag-aaral ng leksiyon dahil malalaman na lamang namin basta ang kasagutan sa bawat katanungang ibibigay sa amin dahil sa anting-anting?

Hindi namin pinansin si Lino. Tuloy pa rin ang plano naming tatlo.

At dumating na ang araw na sapat na ang naipon naming pera.

Kinausap namin si Lino kung puwede kaming makapasyal sa kanila sa araw na walang pasok.

Hindi kami binigo ni Lino.

“NAY, sina Michael, Charles at Jaypee. Mga kaklase ko... mga kaibigan,” pagpapakilala sa amin ni Lino sa kanyang nanay.

“Pasok kayo. Tamang-tama, kaluluto ko lang ng *kaluko* at *balisungsong*. Direkto na kayo sa kusina. Kumain na kayo. Tiyak na nagutom kayo sa paglalakad,” pag-iistema sa amin ng nanay ni Lino.

“May dala rin kaming kakanin,” sabi ko. At maingat na inilabas ko sa aking *knapsack* ang puto na ipinaluto ko sa aking nanay kagabi. Siniguro ko na hindi makikita ni Lino at ng kanyang nanay ang piniritong manok at gin. Inilagay ko ang puto sa mesa kung saan naroroon ang bagong haing *kaluko* at *balisungsong*.

Inilabas din nina Michael at Charles ang laman ng kani-kanilang *knapsack*. Kay Michael, *cassava roll*. Kay Charles, *ibos*.

“Ba't nagdala pa kayo n'yan? Mauubos n'yo pa ba 'yan?”

“Kakayanin, Nanang!” sabi ko, sabay hagikgik.

Kumakain kaming apat, kasalo si Lino, ay nagpapalitan kaming tatlo ng tingin. Pinapaalaala ang mga hakbang na aming gagawin na matagal din naming pinag-isipan. Pagkakain, magyayaya kaming maligo. Pagkalipas ng kung ilang minutong paglalangoy, magpapaturo si Michael sa nanay ni Lino sa pangunguha ng dahon ng sasa at paggawa ng kabkab. Si Charles ay magyayaya kay Lino na mamasyal sa niyugan kasama ang tatay nito dahil magpapaakyat siya ng buko. Ako ay magsasakit-sakitan ng tiyan at titigil lamang sa bahay. Ngunit kapag nagsialisan na sila, lalapit na ako sa punso. Mag-aalay ng pagkain at inumin upang makausap ang nuno at makahingi na rin ng agimat naming tatlo.

Magyayaya na kaming maligo nang may marinig kaming kung ano sa may likod-bahay nina Lino.

Kinabahan ako. Nanginig ang kamay kong may hawak ng *knapsack*.

“A-ano ‘yon, Lino?” usisa ko.

“Tinitibag na ni Tatay ang bahay ng anay d’yan sa may likod-bahay. Wala kasing pakundangan sa pagngatngat ng bahay namin. Minsan, kinausap ko na nga ang mga ‘yan dahil ayon sa nabasa ko ay p’wedeng kausapin din daw ang mga hayop... p’wedeng pakiusapan dahil nakaiintindi rin daw. Ngunit bingi yata ang mga anay!”

PAUWI na kami, naglalaro pa rin sa aking isip ang sinabi sa amin ng nanay ni Lino: Pagkatapos ng gawaing-bahay ay didiretso na ‘yan si Lino sa kanyang kuwarto. Mag-aaral ng leksiyon. Magbabasa ng kahit na anong aklat.. ‘yong aklat n’ya at ‘yong mga

ipinadala sa kanya ng kapatid kong nagtuturo sa Makati. Walang awat 'yan sa pag-aaral at pagbabasa.

-Lumabas sa Liwayway Magasin noong Disyembre 12, 2005-

Freelipiniana

BALAGON

HUMUGOT siya nang malalim na hininga. Ibig niyang mawala ang paninikip ng dibdib. Kinagat niya ang kanyang labi. Pinigil niya ang maiyak. Ngunit nang matapos ang kanyang tatay sa paglilibing kay Balagon, hindi na niya napigil pa ang pagtulo ng kanyang luha. Naisip niya, kung hindi dahil sa kanya, buhay pa si Balagon. Siguro, naririnig pa niya ang ngiyaw nito.

“ME-OW...”

Narinig niya ang mahinang ngiyaw na iyon habang masinop na inilalatag sa lupa ang mga tuyong dahon ng saging na saba na natabas na ng kanyang tatay.

“Me-ow...”

Nilaparan niya ang kanyang tainga. Humakbang sa dako na pinanggagalingan ng ngiyaw. Sumilip dito. Sumilip doon. Hanggang sa makita niya ang isang kuting na naiipit halos ng malalaking puno ng saba.

“Meow!” ginaya niya ang kuting.

Nakatatlong ulit siya bago marahang nag-angat ng mukha ang kuting. Nakita niya sa pumikit-dumilat na mga mata nito ang lungkot. Hindi iyon naitago ng mangasul-asul na mga mata.

Hinawi niya ang kapisang tuyong dahon ng saba na nakatakip sa katawan ng kuting. Hindi niya matiyak kung ano ang kulay ng balahibo nito. Nakukulapulan iyon ng putik.

Narinig niya ang paghinga ng kuting. May kasamang hagok. Sa tingin niya, kung pababayaan ito sa ganoong kalagayan, hindi magtatagal, mamamatay ito.

“WAG mong sisihin ang sarili mo sa kanyang pagkamatay, Anak,” sabi ng kanyang tatay habang tinatapik-tapik siya sa balikat. “Alalahanin mo na naging bahagi ka ng paglawig ng kanyang buhay.”

Muling tumulo ang kanyang luha.

NAKITA niya ang butil ng luha sa pagpikit ng mga mata ng kuting. Nakadama siya ng awa. Maingat na kinuha niya ito sa pagitan ng mga puno ng saba. Kinalong na parang beybi. At dinala sa kanyang tatay.

“Kaninong kuting ‘to, ‘Tay?”

“Wala nang nagmamay-ari r’yan,” sagot ng kanyang tatay na tumigil muna sa pagtatabas ng mga tuyong dahon ng saba.

“Bakit po?”

“Tinapon na ‘yan, pihado.”

“Papa’no n’yo po nasiguro, ‘Tay?”

“Papaano, sa palagay mo, makararating dito sa Cambalagon ang kuting na tulad n’yan?”

May katwiran ang kanyang tatay, naisip niya. Malayo sa kabahayan ang kanilang bukid. Totoong mahihirapang makapunta roon ang isang kuting. May matataas na pilapil na hindi kayang taluning paakyat ng kuting.

“Papa’no po?”

“Itinapon ‘yan dito ng may-ari. At pihado, hindi nag-iisa ‘yan. Pinalad lamang ‘yan na makaligtas.”

“Saan po? Kanino po?”

“Sa mga mamimintol. Kinakatay kasi ‘yan ng ilan at ipinapain sa bintol.”

Nangilabot siya. Nanindig ang kanyang balahibo.

Tiningnan niya ang kuting. Nagpapakupkop.

“KINUPKOP mo s’ya. Inalagaan. Pinasaya. Tinuruan ng kung ano ang dapat n’yang malaman. Sinuheto. Sa tingin mo ba’y maghihinakit s’ya sa ‘yo?”

Tiningnan niya ang kanyang tatay. Bumuka ang kanyang labi. Ngunit walang salita na lumabas doon.

At ‘di ba ikaw din ang nagbigay sa kanya ng pangalan na kapag narinig n’ya ay tuwang-tuwa s’ya?”

“BALAGON!” tawag niya.

Sinalubong siya agad nito pagpasok niya sa pintuan. Umikut-ikot sa kanyang paanan. Isinagi-sagi ang katawan sa kanyang sapatos. Tumalun-talon. Ngumiyaw.

Kinarga niya si Balagon. Inilapit sa kanyang dibdib. Idiniin.

“Na-miss mo ako, ha! Teka, huhubarin ko muna ang uniform ko. At maglalaro tayo!”

Pagkabihis ng pambahay, agad siyang nagpahabol kay Balagon. Sa kuwarto. Sa sala. Sa kusina. Sa likod-bahay. At kung minsan, sa beranda.

Kapag nahabol siya ni Balagon, ito naman ang kanyang hinahabol.

Napansin niya sa kung ilang beses nilang paghahabulan ni Balagon na nauunawaan nito ang panuntunan ng laro. Hindi na niya kailangang paulit-ulit na pagsabihan ito na tumakbo o tumalon palayo sa kanya kapag naabutan siya. Kumukusa na ito.

“Matalas ang memorya ng kuting o pusa. Madali siyang magtanda,” sagot noon sa kanya ng beterinaryong kaibigan ng kanyang tatay na tumingin kay Balagon nang tanungin niya tungkol sa katangian ng kuting o pusa. “P’wedeng turuan ng tricks ang kuting o pusa,” dagdag pa nito.

Kapag napagod sila ni Balagon sa paghahabulan, kinukuha niya ang magaan at may katamtamang laking bolang pula na may tila nagku-krus na itim na guhit sa kabilugan nito.

Pinapupuwesto niya si Balagon sa dulong kaharap niya sa likod-bahay o kahit saang bahagi ng bahay nila na natipuhan niyang maglaro ng bola.

Pinagugulong niya ang bola papunta kay Balagon. At sa pag-uutos niya rito na ibalik sa kanya ang bola, pinupuntahan naman agad nito. Gamit ang mga paa at kung minsan, ang nguso, ibinabalik sa kanya ang bola.

Kalaunan, naturuan niya si Balagon, kapag ganoong pasahan ng bola ang laro nila, na tumayo sa pamamagitan ng dalawang paa lamang at ipatama ang bola sa ulo nito pabalik sa kanya.

“Upang hindi maging perwisyo sa bahay ang alaga mo, turuan o suhetuhin mo sa mga tamang gawi. Maging mapagpasens’ya ka. Tandaan mo, matampuhin ang kuting o pusa. Wag mong sisipain, babatuhin o kaya’y papaluin,” bilin sa kanya noon ng beterinaryong kaibigan ng kanyang tatay.

Nasuheto niya si Balagon na ibaon ang sariling dumi sa dulong bahagi ng likod-bahay nila kaya hindi na sila nakaaamoy ng matinding baho sa loob ng bahay. Nasuheto niya na huwag kalmutin ang mga banig na bilaran at mga sako ng palay kaya hindi na ito napagagalitan ng kanyang tatay. Nasuheto niya na huwag sumampa sa mesang kinainan at ang mga natatak pang pagkain doon kaya hindi na naiinis dito ang kanyang nanay dahil upang pakaining mabuti ito lao na kapag nasa eskuwelahan siya.

Naging inspirasyon niya si Balagon sa kanyang pag-aaral. Sa tingin niya, ay tumaas ang kanyang mga grades dahil dito. Naisip niya kasi, kung si Balagon na isang hayop ay natuto sa mga itinuro niya, siya pa kaya na tao ang hindi matuto sa mga leksyon ng kanyang mga guro?

“Me-ow!”

Abala sa pagriribyu, napatingin siya kay Balagon. Papalapit sa kanya. Dinidilaan ang nguso. Katatapos lamang, marahil, sa panghuhuli ng daga.

Nahiga sa kanyang kandungan si Balagon. Hinimas-himas niya sa katawan. Ibang-iba na ito sa dating kalagayan. Malusog na. Malaki na. Ganap nang pusa.

“NAGING ganap ang buhay niya dahil sa’yo.”

“Ngunit dahil din po sa akin kaya s’ya namatay, ‘Tay,” may lumabas na ring salita sa kanyang labi. Ngunit ang muling pagtulo ng kanyang luha ay umagaw sa iba pa niyang sasabihin.

PINAAAGAW niya ng bola si Balagon. Nilulundag nito ang bola habang pinatatalbog niya. Ngunit hindi ito makaagaw.

Kinantyawon niya si Balagon. “O, ano? Pagod ka na ba? Magpahinga ka muna kung gusto mo upang makabawi ka ng lakas at makaagaw ka na!”

Ngiyaw lang nang ngiyaw si Balagon. Lumundag-lundag na para bang natutuwa pa rin kahit na hindi man lang nito mahagip ang bola.

“Ayaw mong magpahinga, ha? O, sige, doon tayo sa beranda... baka makaagaw ka.”

Pumunta sila sa beranda na isa at kalahating metro lamang halos ang layo sa kalsada na sa mga sandaling iyon, wala ni isang batang naglalaro roon. Tanghali kasi. Masyadong mainit ang sikat ng araw.

Nagpatalbog siya. Hindi pa rin nahagip ni Balagon. Ngunit nang muli siyang magpatalbog, nasapol na nito ang bola.

Tumalbog ang bola sa kalsada.

“Kunin mo ang bola, dali!”

Hinabol ni Balagon ang bola.

Papalakpakan sana niya si Balagon nang biglang natigilan siya at hindi nakakilos.

Nasagasaan ng matuling motorsiklo si Balagon. Tumilapon. Pabalandrang bumagsak sa sementadong kalsada. Duguan. Naging pula ang puting-puting balahibo.

“Hindiii...!”

“HINDI makatwiran na sisihin mo ang ‘yong sarili sa kanyang pagkamatay. Itinakda ‘yon ng Diyos.”

Tiningnan niyang muli ang kanyang tatay.

“Isipin mo na bagama’t namatay s’ya... s’ya ay maligaya. Dahil namatay s’ya na may nagmamahal sa kanya.”

“T-tay...” Napayakap siya sa kanyang tatay.

Tinapik-tapik siya ng kanyang tatay sa kanyang likod. “Maligaya si Balagon, Anak. Maligayang-maligaya!”

Muli siyang napaluha. Pumikit siya. Malayang pinadaloy ang luha sa kanyang pisngi.

-Lumabas sa Liwayway Magasin noong Disyembre 19, 2005-

Freelipiniana

ANG HIWAGA NG KAMYAS

TINUNGO ko ang puno ng kamyas sa likod-bahay. Hinagod ng tingin. Kumpul-kumpul at mapipintog ang mga bunga na bumabalot mula sa nakausling bahagi ng ugat paakyat sa puno hanggang sa mga sanga. Hitik na hitik. Gayong sinalanta ng bagyo ang aming lugar ilang linggo lamang ang nakararaan.

A, sadyang taglay ng kamyas ang kanyang hiwaga. Hiwaga na ipinaunawa sa akin ni Tatay tatlong taon na ang nakalilipas.

PAGOD na pagod ako. Hinihinala. Pawisang-pawisan. At halos namamanhid ang mga paa.

Hindi kukulangin sa isang oras ang ginawa namin ni Tatay na paglalakad- hindi simpleng paglalakad sa ganang akin. Sa pagtatalunton sa Panaguican, bumabaon sa malakumunoy na daan ang aking mga paa hanggang sa may tuhod halos. Sa pagbabagtas sa sapa ng San Antonio, bagamat nilalaro ng banayad na agos ng tubig na hanggang sa tuhod, napapangiwi ako sa tulis ng maliliit na bato at ilang kaputol na mga sanga ng kahoy na tumutusok sa walang kalyo kong talampakan. Sa paglalakbay naman sa kagubatan ng Alinawan, nadudulas at napadadausdos akong madalas sa pag-aakyat-baba sa makipot at maputik na daan. Nandiyan nang bigla akong nadarapa na tila nanghuhuli ng palaka. Nandiyan ding para akong itinulak sa lakas ng pagkakapaupo ko sa putikan. “Dahan-dahan, Anak. Siguraduhin mo ang bawat hakbang...,” paalaala ni Tatay. Ngunit hindi iyon ganoon kadali. Nadudulas pa rin ako. Gusto ko sanang magpakarga kay Tatay pero malaki na ako. Gusto ko nang umiyak o huminto na lang sa

paglalakad. Ngunit napahahakbang ako kapag naiisip ko ang pamimitas ng kamyas. Iyon ang dahilan sa pagsama ko kay Tatay. Na ako mismo ang mamimitas ng kamyas na paboritung-paborito kong kaining hilaw o bilang kendi, durugin sa bagoong at pampaasim sa sinigang.

“Anak, maupo ka muna sa nakausling batong ‘yon,” itinuro ni Tatay ang malapad na bato sa may kalakihang puno ng narra na pinapanaulian pa lamang ng mga dahon. Napansin siguro ni Tatay na kailangang-kailangan ko ang magpahinga. “Kunin mo ang *cassava roll* sa buslo. Kumain ka,” sabi pa. “Kukuha muna ako ng maiinom.” At naglakad na papunta sa bahagi ng gubat kung saan may naririnig akong lagaslas.

Naka-dalawang *cassava roll* na ako nang makabalik si Tatay. Iniabot sa akin ang tubig sa lalagyang dalawang dangkal na kawayan. Halos nasaid ko. Guminhawa nang kaunti ang aking pakiramdam.

“Tay, malayo pa po ba ang lalakaran natin?” tanong ko.

“Nakikita mo ba ang tatlong naglalakihang puno na ‘yon?” itinuro ni Tatay ang kanang bahagi ng gubat.

Tumambad sa aking paningin ang halos walang kadahun-dahon na mga puno ngunit balot na balot sa bunga mula sa nakausling bahagi ng ugat paakyat sa puno hanggang sa mga sanga. Hitik na hitik. Tuluyang guminhawa ang aking pakiramdam. Nanumbalik ang masiglang kondisyon ng aking katawan.

Hindi na ako nagsayang ng sandali. Hinawakan ko sa kamay si Tatay. Niyakag papunta sa mga puno ng kamyas.

Tagahawak ng sako si Tatay. Tagapitas ako.

Labis ang aking tuwa. Mabilis kong napuno ang sako.

“Wala ka bang napapansin sa ‘yong paligid, Anak?” tanong ni Tatay habang tinatalian ng lubid ang sako.

“Ano pong ibig n’yong sabihin, ‘Tay?” nangunot ang noo.

“Tumingin ka sa’yong paligid. Suyurin mo. At may makikita kang naiiba.”

Iginala ko ang aking paningin. Nakita ko ang bakas ng kalupitan ng nagdaang bagyo: halos makalbong mga puno ng niyog, nangakalugmok na mga puno ng saging at abaka, nangakabuwal o di kaya’y bali-bali na mga punungkahoy- maliliit man o malalaki, at nagkabuhul-buhol na mga karagumoy.

“Ano ang ‘yong napansin?”

“Sira-sira pong mga pananim.”

“Lahat ba?”

Napakamot ako sa ulo. Iginala uli ang paningin. At habang nag-iisip, isinubo ang isang bunga ng kamyas na nilalaru-laro ng aking mga daliri. Nginuya. At sa paglunok nito, may sagot na nabuo sa aking isip.

“Hindi po.”

“Ano ang naiiba?”

“Kamyas po.”

“Tama,” sagot ni Tatay habang isinasandal ang sako sa puno ng kamyas.

“Anak, ano ba sa tingin mo ang sumira sa karamihan sa mga pananim dito?” tanong uli ni Tatay habang hinahawan ang mga dawag sa nakahilerang puno ng kamyas.

“Bagyo po, ‘Tay,” mabilis kong sagot sabay subo ng isa pang kamyas.

“Ano naman ang nagpabunga sa kamyas?”

Napatigil ako sa pagnguya. Ano kaya? Posible rin bang bagyo? Puwede ba iyon?

Hindi ba't mapanira ang bagyo?

"Di ko po alam."

"Bagyo rin."

"P-papaanong...?"

"Alam mo ba na ang hampas ng ipu-ipo at marahas na ulan na dala ng bagyo ang nagpapabunga sa kamyas?"

"T-totoo po?"

"Oo. 'Yan ang hiwaga ng kamyas."

Napatitig ako kay Tatay. Pilit kong inuunawa ang sinasabi niya.

"Nahirapan ka ba bago nakapamitas ng kamyas, Anak?" tanong uli ni Tatay habang pinupulido ang paghahawan.

"Hirap na hirap po, 'Tay. Kanina nga po'y gusto ko nang tumigil sa paglalakad."

"Ngunit nagpatuloy ka gaano man kahirap, di ba?"

"Gustung-gusto ko po kasing makapamitas."

"Magaling! Alam mo ba na taglay mo sa ngayon ang hiwaga ng kamyas?"

"P-po?" Nag-isip ako nang malalim.

"Anak," huminto sa ginagawa si Tatay. Tumingin sa akin. "Alam mo ba na ang bagyo na nagpabunga sa kamyas ay katulad ng pagpapakahirap mo sa paglalakad?"

Naging malinaw na sa akin ang ibig sabihin ni Tatay.

"At ang pamumunga po ba ng kamyas ay katulad din ng katuparan ng pangarap kong makapamitas?" sabad ko.

"Tama ka!" nangiti si Tatay.

“Sabi ko na nga ba, e!” nangiti rin ako. At napayakap kay Tatay.

“Magaling din naman pala ako, ‘Tay!’ puri ko sa sarili.

“Magaling ka talaga, Anak,” ginulu-gulo ni Tatay ang aking buhok. “Di ba sabi mo nga ay mag-i-*engineer* ka?”

“Opo. Para mapaganda ko’ng bahay natin.”

“Magaling. Pero paano mo ba ‘yon matutupad?”

Naalaala ko ang bagyo na nagpabunga sa kamyas at ang pagpapakahirap ko sa paglalakad upang makapamitas.

“Mag-aaral pong mabuti,” walang gatol kong sagot.

“Kailan ka magsisimula?”

Hindi ako nakasagot agad. Kinabahan ako. Sa tono ng pananalita ni Tatay, parang nabisto na ako. At naalaala ko ang pagpunta sa aming bahay ni Mrs. Dela Cruz, ang adviser namin sa *Grade Three, Section A*. Marahil, isinumbong ni Ma’m kay Tatay ang kakulitan ko sa klase, ang hindi paggawa ng *assignment* at *project*, ang hindi pakikilahok sa talakayan sa klase at sa mga gawaing pampaaralan, at ang pagka-*cutting classes* para makipaglaro ng teks.

“Kailan?” inulit ni Tatay ang tanong.

“S-sa araw din pong ito,” sagot ko, nakatungo.

Inangat ni Tatay ang aking mukha. Tiningnan ako sa mata. “Anak, alalahanin mo lagi ang hiwaga ng kamyas.” At tinapik-tapik ang aking balikat.

Upang hindi raw ako makalimot, kailangan daw na magtanim ng kamyas sa likod-bahay namin. At binungkal ni Tatay, gamit ang pinatulis na kahoy, ang kasingtaas kong puno na pinanaulian na ng mga dahon.

PUMITAS ako ng isang kamyas. Isinubo kong buo. Nginuya. Gumuhit sa aking dila ang asim na taglay nito. Nilunok ko. At nagliwanag ang aking mukha, imbes na mangasim.

Grade Six na ako. At ilang buwan na lang, masasaksihan na nina Tatay at Nanay ang aking pamumunga- unang pamumunga- tulad ng kamyas sa aking harapan.

-Lumabas sa Liwayway Magasin noong Enero 30, 2006-

Freelipiniana

MADYIK SARANGGOLA

NAIINIS siya. Kasi, hindi pa nga gadipa ang lipad ng kanyang saranggola, bumubulusok na. Nakailang subok siya. At sa bawat pagtatangka niya, agad na kumikiling ang saranggola at marahas na sumusubsob sa lupa. Hanggang sa mabali ang ulo niyon.

“Ipinaglihi ba ang saranggola mo sa isdang nalalason?” kantiyaw ni Pepe, sabay hagikgik, habang sadyang ipinakikita sa kanya ang banayad na pagtantang ng pisi ng saranggola nitong matayog ang lipad.

“Baka naman sa manok na napepeste!” buntot ni Bonbon na humagikgik din at tiningala mandin sa himpapawid ang saranggola nitong nakikipaglaro sa hangin.

“Kawawang saranggola... saranggolang subsob-lupa!” tudyong naman ni Tonton, humagikgik din. “Ang sa amin, halik-ulap! Tingalain mo!” dagdag pa.

Uminit ang gilid ng kanyang mga mata. Kinagat niya ang kanyang labi. Ngunit hindi niya napigilan ang maiyak. Hiyang-hiya siya.

Tumakbo siyang pauwi. Mabilis na umiigpaw ang kanyang mga paa sa mga dayami.

“BAKIT ka umiiyak, Anak?” nag-aalalang tanong ng kanyang tatay nang tumigil siya sa pagtakbo sa tapat nito. Napahinto ito sa pagpapako ng upuang kahoy na iyon sa beranda ng kanilang bahay na kasalukuyang tinatapos nito.

“K-kasi... k-kasi...,” kandahingal, pasikdu-sikdo na tugon niya.

“Sinira ba nina Pepe ang saranggola mo?” tanong pa ng kanyang tatay nang mapansin nitong tabingi ang saranggolang bitbit niya.

Umiling siya. Hindi nagsalita. Humihingal pa rin. Sumisikdo.

“Di ba lumipad nang maayos ang saranggola mo’t kinant’yawan ka nina Pepe?”

Mabagal na tango ang kanyang sagot.

“Kung gayon, sa paggawa mo ng saranggola’y di mo ginamit ang ‘yong madyik!”

‘P-po?” napadilat ang luhaan niyang mga mata.

“Di mo ba alam na kaya matayog ang lipad ng saranggola nina Pepe ay dahil gumamit sila ng madyik sa paggawa niyon?”

“M-may m-madyik po ba sila?” pinahid niya ng likod ng palad ang luha sa kanyang mga mata.

“Gaya ng madyik na taglay mo, Anak,” ginulo ng tatay niya ang kanyang buhok.

“S-si Tatay naman, e....” napakamot siya sa ulo. Sa tingin niya, binibiro siya ng kanyang tatay.

“Totoo ang sinasabi ko,” napaupo ang kanyang tatay sa ginagawang upuang-kahoy.

“P-papaano...?”

Kinandong siya ng kanyang tatay.

“Di ba ipinakita ko na sa’yo kung paano gumawa ng saranggola?”

“Opo.”

‘Di ba gumamit pa ako ng *ruler* upang maging balanse ang kanan at kaliwang bahagi ng balangkas ng saranggola?”

“Opo.”

“Makailang beses ko rin munang pinalipad-lipad upang makuha ang tamang haba ng ulo at buntot nang di kumiling o bumulusok kaya, di ba?”

“Opo.”

“Kaya nang paliparin mo, simbilis ng hanging pumaimbulog ito, di ba?”

“Opo.”

Naisip niya na kung ang saranggolang iyon na gawa ng kanyang tatay ang dala niya kanina sa bukid, hindi sana siya napahiya. Sayang nga lamang at nawala iyon. Kasalanan niya.

Bilin sa kanya ng tatay niya na sa bukid na siya tuwirang magpalipad ngunit iginiit niyang sa kalsada na lamang. Nawili siya sa paghanga ng mga kapwa bata at ilang may katandaan na rin dahil mataas na ang nalilipad nito. Tumakbo pa siya. Hila-hila ang pisi. Ipinaalam sa iba pang tao na matayog ang lipad ng kanyang saranggola. Sa kasamaang-palad, humagod sa kawad ng koryente ang pisi, kasabay ng pagbugso ng malakas na hangin. Napatid ang pisi.

Sinundan niya ang nakaalagwang saranggola. Mabilis ang kanyang takbo. Ngunit mas mabilis ang hangin sa pagtangay sa saranggola sa kung saan. Hindi na niya iyon nakita pa.

“Umungot ka uli sa akin nang mawala ang naturang saranggola,” patuloy ng kanyang tatay. “Sabi ko’y ikaw na ang gumawa dahil balita ko’y sina Pepe rin ang gumagawa ng kani-kanilang saranggola. Ipinaalaala ko pa sa’yo ang tamang paraan ng paggawa nito. Sinunod mo ba?” tiningnan siya sa mga mata ng kanyang tatay.

Napayuko siya. “Natatagalan po kasi ako sa pagsusukat, ‘Tay.’”

“Di mo rin ba muna tiningting sa pamamagitan ng pagpapalipad-lipad kung tama ang haba ng ulo at buntot?”

“Gustung-gusto ko na po kasing makapagpalipad, ‘Tay... makipagpatayugan.’”

“Nangyari ba ang gusto mo?”

“H-hindi.”

“Naging dahilan pa ng pagkapahiya mo... ng pag-iyak mo.”

Sandaling katahimikan.

“Sabi n’yo po, ‘Tay, may madyik din po ako. Turuan n’yo na lamang po ako kung paano gamitin ‘yon,” tumingin siya sa mga mata ng kanyang tatay.

“Sa pagsusumikap mong maperpekto ang balanse ng balangkas ng saranggola, gayundin sa maingat mong pagtitimbang ng ulo at buntot nito, ginagamit mo na rin ang madyik na sinasabi ko, Anak,” tinapik-tapik siya sa balikat ng kanyang tatay.

“ABA...ipinatawas mo ba ang ‘yong saranggola’t di na subsob-lupa!” pansin-tudyo ni Tonton.

Kasi, agad na pumaimbulog ang kanyang saranggola sa una pa lamang niyang pagtatangka. Malayang nilaru-laro ng hangin. Pataas. Pataas.

“Nagpagawa ‘yan sa kanyang tatay upang di na muling mapahiya at ngumawa!” bira ni Bonbon, nang-uuyam.

“Nakapagpapalipad nga, di naman n’ya gawa...,” hirit ni Pepe, “Kawawa pa rin!” nagpapaawa mandin ang mukha.

“Ako ang gumawa nito!” sabi niya, may ngiti sa labi. Natutuwa siya dahil sa ganda ng lipad ng kanyang saranggola.

“Sigurado ka ba?” si Tonton, kunot ang kilay.

“Oo! Tinuruan yata ako nang husto ng tatay ko!” hindi mapagkit ang kanyang tingin sa himpapawid. Kay tamis ng kanyang ngiti.

“Maniwala ako sa’yo,” si Bonbon, tila diskumpiyado pa rin.

“Gaya n’yo, gumamit din ako ng madyik!”

“M-madyik?” halos magkapanabayan ang tatlo. Nangunot ang mga noo. Hindi nakuha ang ibig niyang sabihin. “Subukin nga natin ang madyik mo!” sabi ng tatlo.

“Magpatayugan tayo!” hamon ng mga ito.

At nagpatayugan silang apat.

Naging pinakamatayog ang kanyang saranggola. Kasi, bukod sa pinakamatibay ay pinakamahaba pa sa kanilang apat ang pising gamit niya.

Hindi na nakuha ng tatlo na kantiyawan pa siya.

Nang hapong iyon, umuwi silang apat na magkakaakbay.

-Lumabas sa Liwayway Magasin noong Pebrero 5, 2007-

ANG ERMITANYO AT ANG TATLONG MANGANGASO

HINDI pa man nagbubukang-liwayway, tinatahak na nina Drigo, Gardo at Rigor ang landas patungo sa Gubat Maukay, ang una sa tatlong gubat na kanilang lalakbayin upang makuha ang tatlong baul ng ginto.

Masukal ang gubat na iyon. Sa bawat paghakbang, may mahahabang gurlis na nalilikha sa kanilang mga braso ang hinahawan nilang mahahagway at matatalim na dahon ng dawag na nangakahapay sa dinaraan nila. Mahapdi. Sumisigid. Subalit sa bawat sigid ng hapding nararamdaman, nag-iibayo ang kanilang sigla. Nananangan sila sa magandang kapalarang naghihintay sa kanila.

A, salamat at naging matulungin sila sa isang ermitanyo.

MAGTATAKIPSILIM noon. Pauwi na sila buhat sa pangangaso nang makarinig sila ng malakas na halinghing ng isang taong naghihirap sa sakit.

Hinanap nila. Hinawi ang mahahabang dahon at maliliit na sanga na nakasagabal sa kanilang dinaraan. Hindi nagtagal, nakita nila ang matandang nakahigang pabaluktot sa kadawagan. Yumuyugyog ang katawan.

"Tu-tulungan n'yo 'ko..." anang matandang may mahabang puting buhok at balbas sa mahina at pautal na pagsasalita.

"Saan ba ang bahay n'yo?" tanong ni Drigo sa matanda, habang pinagtutulungan nila itong buhatin.

Sinikap ng matanda na sabihin ang direksiyon na kanilang tataluntunin.

Inihiga nila ang matanda sa loob ng kuweba, sa malapad na batong nasasapnan ng mga tuyong dahon.

Walang sinayang na sandali si Gardo. Lumikha siya ng apoy sa pamamagitan ng pagkiskis sa dalawang patpat. Kinuha ni Rigor ang lutuang buho. Isinalok sa batis na nasa loob ng kuweba. Isinalang sa siga.

Kailangang mainit na punas ang gawin nila sa matanda. Napakataas ng lagnat nito samantalang malamig ang mga paa at kamay.

Hinubaran nila ng damit ang maysakit. Pinunasan ng mainit na tubig sa mukha, tainga, leeg, bisig, dibdib, likod, binti at paa. Tapos, mabilis na pinunasan ng tuyong damit ang buong katawan. Agarang binihisan, upang maiwasan ang pangangaligkig.

Bahagyang gumanda ang lagay ng matanda. Pero upang mapabilis lalo ang paggaling, umihaw sila ng huling bayawak, pinakain nila ito at pinainom ng pinakuluang sariwang dahon ng halamang-gamot na pinitas nila sa labas ng kuweba.

"Maraming salamat sa inyo, mga Anak," sabi ng matanda pagkakain. May kasiglahan na ang boses. "Marahil kundi dahil sa tulong n'yo, baka kung napa'no na 'ko ngayon."

"Kahit na sino ang makakita sa inyo sa gano'ng kalagayan, siguro, gagawin din nila ang ginawa namin," sabi nilang tatlo.

"Sa isang tulad kong matanda, maituturing na suwerte ang makatagpo ng mga taong tulad n'yo. Marahil kayo na ang hinahanap ko na pagkakalooban ng kayamanang matagal ko nang iniingatan... Ihanda n'yo na lamang ang inyong sarili sa anumang pakikihamok..."

NASA pangalawang gubat na sila: ang Gubat Maupon. Hindi na mabilang na hiwa at kalmot ang nakaguhit sa kani-kanilang katawan. Wakwak na rin ang suot nilang damit. Kasi, nakasagupa na sila ng sanlaksang unggoy sa unang gubat: ang Gubat Maukay. Mabuti at sanay sila sa pakikipaglaban sa mga unggoy. Bawat ulos nila ng mahahaba at matatalim na tabak ay may sumisirit na dugo ng unggoy. Hanggang sa kusa na lamang na kumaripas at bumaging palayo ang mga natira.

Inumpisahan nilang pasukin ang kasukalan ng Gubat Maupon. Bitbit ang ginawang balaraw, mas tinalasan nila ang kanilang pakiramdam.

Maya-maya, may narinig silang malalakas na ungol. Huminto sila sa paglalakad. Sumilip sa nakayungyong na mga dahon. Nakita nila ang tila gutom na gutom na mga baboy-ramo. Isa. Dalawa. Tatlo. Papalapit.

Ginagap nila nang mahigpit ang balaraw. Mabilis na nagtago sa malaking puno. Nagmatyag.

Tumigil ang mga baboy-ramo sa pagtakbo. Patuloy pa rin ang pag-ungol. Luminga-linga ang mga ito. Gumalaw-galaw ang mga ilong na parang may naaamoy na kakaiba. Tapos, tumingin nang mabalasik sa pinagtataguan nila. Nagsimulang dumaluhong.

Nagliparan ang mga balaraw. Sapol sa kani-kanilang dibdib ang mga baboy-ramo. Umalulong. Nangisay.

Nilapitan nila ang mga baboy-ramo. Tiningnan kung wala nang buhay ang mga ito. Hindi nila namalayan na may isa pang baboy-ramo, mula sa kasukalan, na papadaluhong. Tumahol si Ayam, ang asong kasama nila. Ngunit tumalon na sa gawi nila

ang baboy-ramo. Sapol si Drigo. Natusok pa mandin ng matitigas at tila karayom na mga buhok sa bandang ulo ng baboy-ramo ang likod ni Drigo.

Nawalan ng panimbang si Drigo. Bumagsak. Tumihaya. Akmang babangon. Ngunit kinubabawan ng baboy-ramo.

Nakihamok si Drigo. Hanggang sa halos takasan na siya ng lakas. Handa na upang lapain si Drigo. Ngunit naging maagap si Gardo. Nasilo niya ng baging ang leeg ng baboy-ramo.

Ubod-lakas, hinila ni Gardo ang baboy-ramo papalayo sa hindi makahumang si Drigo.

Sumirko ang baboy-ramo sa kasukalan. Na sinamantala naman ni Rigor. Maigting na iniunday ang mahaba at matalim na tabak sa leeg ng baboy-ramo.

Ipinagpatuloy nila ang paglalakad.

Pinauna nila si Ayam upang magbigay-babala sakaling mayroon pang panganib na lulukob sa kanila.

Nasa kalagitnaan na sila ng huling gubat, ang gubat na kanilang pakay: ang Gubat Mihuras, nang marinig nila ang malakas na pagtahol ni Ayam.

Agad, inihanda nila ang kanilang pana. Tumakbo sa kinaroroonan ni Ayam.

Huli na nang makita ni Gardo ang napakalaking sawa sa harap niya. Nilingkis siya nito. Ubod-higpit. Halos hindi siya makahinga.

Inasinta nina Drigo at Rigor ang sawa. Sapol ng pana ang dalawang mata nito. Sumipol ito sa sakit na nadama. Lumuwag ang pagkakalingkis nito kay Gardo.

Mabilis na humulagpos si Gardo. Inundayan ng taga ang sawa.

Marahas na ikiniwal ng sawa ang katawan. Malakas na iwinasiwas ang buntot. Na mabilis namang nailagan ni Gardo ngunit hindi naiwasan ni Rigor.

Bumalandra si Rigor. Nauntog ang ulo nito sa nakausling bato. Nawalan ng malay.

Ibinuka ng sawa ang bunganga. Bumuwelo ito. At handa nang isubo si Rigor. Ngunit mabilis na nakalambitin sa baging si Gardo, papasagupa sa sawa. Bumitaw sa baging. Hinugot sa salong ang tabak. Dalawang kamay na tinagpas ang leeg ng sawa.

NARATING nila ang lugar na iminapa ng ermitanyo. Lyon ay sa tuktok ng Gubat Mihuras, malapit sa malaking batong buhay, sa dakong silangan ng dambuhalang puno ng narra.

Nagsimula silang maghukay gamit ang *digging blade*, piko at pala. Sa bawat pawis na pumapatak, nagkakahugis sa diwa nila ang katuparan ng kani-kanilang pangarap: makapunta sa lungsod, makapagpatayo ng magarang bahay, makapagbukas ng negosyong aakma sa kanilang interes o hilig at siyempre pa ang makapag-paaral sa pribadong paaralan ang kani-kanilang anak.

Halos hindi sila nagpapahinga sa paghuhukay. Ginagawa nilang araw ang gabi.

Naghukay sila nang naghukay.

Hanggang dumating ang panahon na wala na silang makain halos. Nauubos na ang mga pagkaing-ugat sa paligid. Napipitas na nila ang halos lahat na prutas. Madalang nang makahuli ang kanilang mga bitag ng hayop na makakain. Ngunit ang kayamanang sinasabi ng ermitanyo ay hindi pa rin nila nahuhukay.

Nawalan sila ng sigla. Gumuho ang pangarap na binuo nila sa isip.

Nabuhay sa dibdib nila ang galit. Galit sa ermitanyo.

BAON ang galit, pinasok nila ang kuweba ng ermitanyo.

"Manlolokong ermitanyo... lumabas ka!" pasigaw na tawag nila sa ermitanyo kasabay ng pagtugbok ng *digging blade*, pagpiko, at paghampas ng pala sa malapad na batong higaan ng ermitanyo.

"Igalang n'yo ang aking tirahan!" sabi ng ermitanyo na lumabas mula sa kung saan.

"At bakit...? Igalang mo ba ang aming pagkatao?" gigil na sabi ni Drigo.

"Wala akong maalaalang ginawang masama sa inyo."

"Isang panlilinlang ang ginawa mo sa amin!" nagsasalubong ang kilay na sabi ni Gardo.

"Di ako manlilinlang."

"Nagpapatawa ka, Tanda!" ngising-asong turan ni Rigor.

"Totoo ang sinabi ko sa inyo."

"Kalokohan!" halos magkapanabayan silang tatlo. Lutang na lutang ang poot sa kani-kanilang mukha. At muling tinangkang sirain ang batong higaan ng ermitanyo.

"Wag...!" lumapit sa kanila ang ermitanyo.

"Sige, lumapit ka at ikaw ang sasamain!" sabi nila. Hindi pa rin humuhupa ang galit.

"Bumalik kayo sa inyong hinuhukay at ipagpatuloy n'yo."

Sa sinabing iyon ng ermitanyo, imbes na sila ay tumalima, dinaluhong pa nila ang ermitanyo. "Para makihamok uli sa mababangis na hayop, mapagod uli sa paghukay at umasa na naman sa wala?!" asik nila at balak saktan ang ermitanyo.

Hindi na nag-aksaya ng sandali ang ermitanyo. Ikinumpas nito ang dalawang kamay at biglang pumaimbulog sila. Nabitiwan ang mga gamit-panghukay, para silang ibinitin sa kuweba.

Hintakot na napatingin sila sa ibaba. At biglang nagulat nang makita ang batis na nasa loob ng kuweba.

Parang pinilakang tabing, malinaw na nakita nila sa batis ang Gubat Mihuras, at ang hukay na ginawa nila. Agad, may ipu-ipong gumawi sa hukay nila. Naghuhukay. At hindi man lang nagtagal, tumambad na sa kanilang paningin ang tatlong baul na nabuksan pa mandin bago naglaho ang ipu-ipo. Puno ng kayamanan. Ginto! Kumikislap! Kumikinang!

"Ibaba n'yo na po kami rito. Babalik na po kami sa Gubat Mihuras," nakikiusap na ang tono ng kanilang boses.

Wala silang tugon na narinig.

Nakita nila sa batis ang kusang pagsara ng tatlong baul at ang kusang pagtatabon ng lupa sa hukay.

"Wag... wag n'yo pong tabunan...!"

Ang naging tugon ng ermitanyo sa kanilang pakiusap ay malakas na ipu-ipo na nagpahilo sa kanila, nagpawala ng malay at naghagis sa harap ng kani-kanilang bahay na halos magkakatabi lang naman.

"Nasaan ang kayamanan?" tanong ng kani-kanilang asawa nang sila ay magkamalay.

"A-anong kayamanan?" takang-takang tanong nila.

"Di ba ang sabi n'yo'y maghuhukay kayo ng tatlong baul na ginto?"

"Wala kaming sinabing gano'n! Mangangaso ang mister n'yo at di minero!"

Napabuntong-hininga at napailing na lamang ang kani-kanilang asawa.

SAMANTALA, sa loob ng kuweba. Malalim na nag-iisip ang ermitanyo: *Kailan kaya ako makakatagpo ng tao na higit ang galing at tatag sa pakikitunggali sa sarili... sa sariling kahinaan kaysa sa galing sa pakikihamok na pisikal? Kailan?*

-Lumabas sa Liwayway Magasin noong Hunyo 11, 2007-

Freelipiniana

SI TINO AT SI USAY

SA KOMUNIDAD ng mga Tsonggo na kung tawagin ay Pinasaging, tanging si Tino at si Usay ang magkalaban sa pampanguluhan.

Nag-eleksiyon.

Nahalal si Tino.

Wala ni isang pisong ninanakaw na pondo si Tino. Ang pondo para sa isang proyekto ay nagagamit nang walang porsiyentong bawas.

Natuwa noong una ang Katsonggohan. Ngunit nang kalaunan ay nakulangan sa *accomplishments* ni Tino.

Hanggang isang araw ay nagsipag-aklas silang lahat.

“Nais namin ng mahusay na pinuno na may sapat na kaalaman sa pagpapaunlad ng bawat ahensiya ng ating komunidad!”

“Ang may malawak na kaalaman sa pagpapaangat ng ekonomiya ang aming kailangan!”

“Ang mahusay gumawa ng programa upang matugunan ang problema sa kahirapan, kalusugan at kapayapaan...!”

“Hindi sapat ang katinuan kung walang husay sa pagpapaunlad ng komunidad!”

Sa pagtataya sa sariling kakayahan, natagpuan ni Tino na wala nga siyang sapat na kaalaman sa pamamalakad. Bumaba siya sa puwesto.

Iniluklok si Usay.

Napakahusay sa paglalatag ng programang pangkomunidad. Bawat ahensiya ay may nakatutok na Tsonggong hinasa upang mamahala sa agarang paglutas ng mga

problema at makakagawa ng mga programang makapag-aangat sa katayuang pangkomunidad. Napakahusay mangalap ng pondo.

Nakikini-kinita na ng Katsonggohan ang mabilisang pag-angat ng Pinasaging.

Ngunit, makalipas ang kung ilang taon, ang inaasahang pag-angat ng buong komunidad ay hindi naramdaman. Marami nga ang proyektong nagagawa ngunit madali namang nasisira.

Ang mga establisiyemento ay nagigiba sa mahinang lindol, ang mga sasakyang panghimpapawid na binili para sa mabilisang paglilipat-lipat nila sa iba't ibang dako na hindi na maglalambitin ay madalas na nagkakaaberya na nagdudulot ng kamatayan sa mga sakay nito. Ang milyon-milyong pondo para sa de-kalidad na proyekto ay kinakaltasan ng mahigit kalahating halaga kaya ang nagagawang mga proyekto ay pulos ampaw. Yumaman nang husto si Usay at nakapagpatayo ng maraming bahay at negosyo sa iba't ibang dako.

At dahil hindi naman ganoon katanga at kaduwag ang Katsonggohan sa Pinasaging, lalo na nang mabalitaan nilang pinapapatay ni Usay ang mga *whistle blower*, hindi sila natakot na magkapit-bisig upang patalsikin ito.

Dumaan ng buwan ang *Tsonggo Power*. Maraming buhay ang naibuwis bago bumaba sa puwesto si Usay.

Ang sumunod na problema ng Katsonggohan ay kung sino na ang mamumuno sa kanilang komunidad. Uhaw sila sa pagkakaroon ng maunlad, sistematiko at matiwasay na lugar.

Hinikayat ng mga mabubuti na manawagan sa Hari ng Katsonggohan.

Sumunod ang lahat.

Hanggang sa pagkakayuko ay nagsiangat sila ng mukha at nagliwanag ang kalangitan. May bumababa. Ang Hari ng Katsonggohan.

“Narinig ko ang inyong mga daing. Ipagkakaloob ko ang inyong hiling.”

Sa isang kumpas, nakita nila mula sa kung saan si Tino at si Usay, nasa harapan ng Hari ng Katsonggohan. Si Tino, tiklop-tuhod na humihiling na siya ay pahasayin. Si Usay, patirapang nagsisisi sa katusuhang ginawa.

Sa isa pa uling kumpas, ang dalawang naging pinuno ng Pinasaging ay naging isa.

“Mula ngayon ang inyong pinuno ay siya na.” Nakalahad ang dalawang kamay ng Hari ng Katsonggohan habang dahan-dahang sumasayad sa lupa ang mga paa ng bagong likha. “Nasa kanya ang katinuan ni Tino at ang kahusayan sa pamamalakad ni Usay. Tatawagin n’yo siyang Matiwasyay.”

Bago maglaho ang Hari ng Katsonggohan ay inalayan nila ito ng taos-pusong pasasalamat.

At mula nang mamuno si Matiwasyay naging Paraiso na ang Pinasaging.

-Lumabas sa Liwayway Magasin noong Oktubre 8, 2012-

SI JUAN IMPERIOR

“JUAN IMPERIOR, sampu.”

“Ano ‘kamo?’ tanong ni Mrs. Dela Cruz kay Paulo na siyang nagbabasa ng mga papel sa Filipino. Diskumpiyado ang guro. “Naka-*perfect* si Juan?” nangungunot ang noo.

“Nangopya po ‘yan, Mam,” sigaw ni Jude.

“Sigurado po, Mam, nangodigo ‘yan’” susog naman ni Ines.

“Kailan po ba nakakuha ng mataas ‘yan, Mam?” si Lino na nangunguna sa klase.

“*Minus five*,” sabi ni Mrs. Dela Cruz.”

Nag-init ang mukha ni Juan. Namula. Parang sinampal. Napayuko siya. Gusto niyang tingnan nang matiim ang kanyang guro ngunit natatakot siya. Gustong tumayo at sabihing hindi siya nangodigo ngunit parang maiiyak siya. Baka sa halip na maawa sa kanya ang mga kaklase ay pagtawanan pa siya at baka imbes na lima lang ang ibabawas sa *score* niya ay gawing mas mataas pa.

“May reklamo, Juan?” angil ni Mrs. Dela Cruz.

Napakagat siya sa dila. Mariin. Gusto niyang pigilang mabasag ang namumuong luha. Nabigo siya. Nag-uunahang bumaybay ang mga iyon sa magkabilang pisngi niya.

RECESS. Hindi pa rin mawala ang sakit sa dibdib niya. Hawak niya ang papel. Bawat sagot doon ay pinag-isipan niya. Nakinig siyang mabuti kay Mrs. Dela Cruz. Hindi na niya muna inisip ang nanay niya na matagal-tagal nang may sakit. Nagpokus siya dahil iyon ang bilin sa kanya ni Mr. Cordero, ang bago nilang prinsipal nang makausap siya

nito noong nakaraang Linggo sa loob ng opisina nito. Inakay kasi siya nito roon matapos siyang makitang nag-iisa sa *room* nila habang *recess*.

“O, bakit di ka nagri-recess?” bating-tanong ni Mr. Cordero sa kanya.

Natakot siya. Galit ba si Sir? Nangingig siya. Kumbakit kasi nagpaiwan pa siya sa room. Sana lumabas pala siya at nagkunwaring bibili sa canteen. Baka inoobliga ng bagong prinsipal na mag-recess ang lahat na mag-aaral para maubos ang paninda. Dumagdag ang takot na nararamdaman niya. Baka puwiin siya.

“O, bakit parang natatakot ka?” Nahalata siya. “Halika,” at hinawakan siya sa palad.

Tatayo ba siya? Baka i-guidance siya?

“Sumama ka sa akin.”

Dinala siya sa opisina nito.

“Maupo ka.” Pinaupo siya sa upuan sa harap ng mesa nito at naupo naman ito paharap sa kanya.

Nakatungo siya. Sinisisi niya pa rin ang sarili kumbakit hindi lumabas ng room.

“Mag-snack ka,” narinig niyang sabi ng prinsipal. Tumayo pa ito para lamang maabot niya ang isang biscuit at juice sa tetrapack.

“S-sir?” Nabura ang takot niya.

KINUYUMOS niya ang papel na minarkahan pa ni Mrs. Dela Cruz ng -5 na nakasulat sa pulang bolpen. Masakit talaga ang loob niya. Wala bang karapatang maka-*perfect* ang tulad niya? Wala bang halaga ang pagpapakahirap niya ngayon sa pag-aaral tuwing gabi? Ngayon na gusto niyang patunayang magagawa rin niya ang nagagawa ni Lino ay

hindi ba siya pagbibigyan ng pagkakataon? Tumayo siya. Uuwi na siya. Hindi na siya papasok sa mga susunod na *subjects*.

-A, siguro kung naroroon lamang si Mr. Cordero ay maniniwala iyon sa akin. Siguro matutuwa iyon dahil sinunod ko siya.-

“Wag mong ilayo ang ‘yong sarili sa mga kaklase mo. Pinakamahirap ka man sa kanila, kaya mo ring pantayan ang nalalaman nila. Wala sa katayuan sa buhay ang ikinagagaling ng isang bata. Basta makinig kang mabuti sa iyong guro habang nagleleksiyon. Mag-aral kang lagi sa gabi. Wag mong isipin na mahina ka kaysa sa kanila dahil kapag laging iyon ang iisipin mo, hindi ka na talaga mag-aaral nang mabuti. Kung ano ang kaya nilang gawin at abutin ay kaya mo rin.”

KINAUMAGAHAN, nagtatalo ang isip niya. Papasok ba siya o hindi? Kung papasok siya ay tiyak na pagagalitan siya ni Mrs. Dela Cruz dahil nag-escape siya at baka sabihin nito na talagang nangodigo siya. Hanggang sa puntong sinisi niya ang sarili: -Bakit pa kasi ako nag-escape?- Na maya-maya ay kinontra naman ng kabilang bahagi ng isip niya: - Hindi ko naman kasi maiintindihan ang mga susunod na *subjects* kung ang nakikita ko sa aking mga kaklase lalo na sa titser ay pawang pambibintang at kakulangan ng tiwala sa aking kakayahan.-

Narinig niya ang pag-ubo ng kanyang ina sa kuwarto na natatabingan lamang ng tinahing katsa. Masasal. Sunud-sunod.

Tinanggal niya sa pagkakasakbat sa balikat ang mumurahing bag. Pinuntahan ang ina at hinaplos-haplos sa likod.

“Pumasok ka na, Anak,” sabi ng ina niya pagkatapos nang matagal-tagal na pag-ubo nito.

“Di na po ako papasok ngayon, Nay,”

“Di pwede,” at naubo uli. “D-di a-ako papayag,” dagdag pa nito sa pagitan ng pag-ubo.

“*Late* na po ako, Nay. Isa pa si Manoy Narsing nasa Sara-saraan na para magbulay ng abaka. Wala na kayong kasama rito. Bukod sa umuubo ay nilalagnat pa kayo. Kailangan n’yo ng mag-aasikaso.”

“A-anak, kaya ko pang asikasuhin ang sarili ko.”

“Nay, di ko naman maiintindihan ang leksyon kung ang nasa isip ko ay kayo.”

Ginulo ang buhok niya ng kanyang ina. Naluluha.

“P-pasensya na kayo, Anak at ganito lang ang buhay natin. Kung di sana inabot ng bagyo ang Tatay n’yo sa pamamalakaya at kung di naman ako nagkasakit dulot ng pakikitanim, pakikigapas ng palay, pakikihawan sa bundok at pakikitanim ng abaka, at pakikilabada, sana ay lagi kang naka-pokus sa pag-aaral mo, na di mo sinasabayan ng pag-aalala sa akin. Sana, nag-aaral din si Manoy mo. Ayaw kong pumayag noon na tumigil si Manoy mo, dahil ayokong matulad s’ya sa amin ng Tatay mo na di nakapagtapos pero s’ya na mismo ang nagpumilit. Sabi n’ya sa ‘kin kung ano raw ang saysay ng diploma kung ang kapalit niyon ay ang buhay ko... Kung minsan, nakikita ko s’yang lumuluha... alam kong gusto rin niyang makapagtapos....” Narinig niya ang sikdo sa boses ng kanyang ina. “Nasabi n’ya sa ‘kin na gagawin n’ya ang lahat makapagtapos ka lamang.”

May nasaling sa puso niya. Papagtatapusin pala siya. Paano niya mapapangatawanan ang nais sa kanya kung natatakot na siya sa paaralan dahil sa kanyang titser? Dahil sa kanyang mga kaklase na hindi naniniwala na kaya niyang makakuha ng mataas na marka? Paano? Si Mr. Cordero. Hinahanap kaya siya? Sa napakaraming mag-aaral, natatandaan pa kaya siya?

ISANG LINGGO na siyang hindi pumapasok dahil sa pag-aasikaso sa kanyang ina. Nakiusap siya sa kanyang ina na hayaan muna siya nito na siya ang maghahanda ng pagkain nito at magpapainom ng gamot na ayaw pumayag dahil kaya naman nitong asikasuhin ang sarili at higit sa lahat ayaw siya nitong papaglibanin sa klase kaya siya ay nakapagsinungaling: -Wala po kaming titser, Nay. May seminar po sila sa Virac.- Isang linggo na naghahanap siya ng lakas ng loob na harapin ang kanyang mapanghusgang titser at mga kaklase. Isang linggo na naging daan upang makatanggap ng sulat ang kanyang ina na nabasa naman ng kanyang Manoy dahil hindi ito maagang umalis ng araw na iyon. Galing kay Mrs. Dela Cruz at *noted* ni Mr. Cordero. Pinapapasok siya.

“Akala ko ba’y may seminar ang titser mo?” galit ang Manoy niya. “Anong nangyayari sa’yo?” napasampal ito sa haliging kahoy.

Naiyak siya. Ikinuwento niya sa kanyang Manoy ang lahat.

“Magbihis ka. Ako ang bahala sa Mrs. Dela Cruz na yan!” nagngingitngit ang Manoy niya.

Naluha ang kanyang ina.

“WAG N’YONG hayaang mawala ang tiwala namin sa inyo, Mam. Di porke’t wala kaming makain halos ay wala nang posibilidad na makakuha ng mataas na score ang aking kapatid,” mariing pagkakasabi ng kanyang Manoy.

“Marunong din ang aking anak,” buong pagmamalasakit sa kanya ng ina, “bigyan n’yo s’ya ng pagkakataon,” sabi nito kay Mrs. Dela Cruz.

“Wag kayong mag-alala, Narsing, Nang Liway, mag-uusap kami ni Mrs. Dela Cruz.”

“Maraming salamat po, Sir.”

NAKABIBINGING palakpakan ang isinukli ng mga manonood sa kanyang deklamasyon. Napayakap ang kanyang Manoy sa kanyang ina na parehong nanood, na parehong tuwang-tuwa.

Pagbaba niya sa entablado ay kinamayan siya nang mahigpit ni Mr. Cordero gayundin ni Mrs. Dela Cruz na siyang *trainer* niya.

“Nakita natin ang mga palabas mula sa ating mga mag-aaral. Kahanga-hanga. Hangga’t ang lahat ng guro ay may tiwala sa lahat na mag-aaral, walang mag-aaral na hindi matututo at makapagpapakita ng gilas sa iba’t ibang larangan. Hanggat may mga magulang at kapamilya na may malasakit sa anak at kapamilya, walang hindi magiging matino sa pag-aaral. Hangga’t lahat tayo ay magtutulungan, walang pangarap na hindi matutupad,” sabi ni Mr. Cordero sa kanyang panghuling pananalita sa pagdiriwang na iyon.

-Lumabas sa Liwayway Magasin noong Disyembre 10, 2012-

ANG REGALO NG NINANG NIYANG TITSER

NATAPOS na ang ikalimang *birthday* niya. Naubos na ang handang *spaghetti*, pansit, suman, *balisungson*, ibos, *maja blanca*, *hotdog with marshmallow*, *cake*, at *buko juice*. Natapos na rin ang mga palaro at nagsiuwian na ang kaniyang mga bisitang kapwa bata na may kasamang Mama na pinabitbit ng kanyang Mama ng tig-iisang *balloon*. Pati ang kaniyang mga ninang at ninong ay nagsiuwian na rin.

Ngayon ay magbubukas na siya ng mga regalo. Dinala niya lahat sa sala, ang mga iniregalo sa kanya. Hinanap niya agad ang regalo ng kanyang ninang na titser niya sa *Kinder*: si Ninang Ma'am Maria. May kutob siya na ang regalong gustong-gusto niyang matanggap ay ito ang magbibigay. At, nakita niya. Tuwang-tuwa siya nang mabasa niya ang nakasulat sa pambalot: *Sa Iyong mga Kamay*.

"Sigurado, *Optimum Prime Transformer Robot* ang laman nito," nasabi niya sa sarili. "Kasi naita-*transform* 'yon ng mga kamay sa iba't ibang *figures*!" nagniningning ang kanyang mga mata habang patuloy sa pagbubukas ng naturang regalo.

Nangingiting pinagmamasdan siya ng kanyang Mama na abala sa paghuhugas ng mga pinagkainan habang ang kanyang Papa naman ay nagpupunas sa mesa.

Ngunit nawala ang ningning sa kanyang mga mata nang mabuksan niya ang regalo.

Napansin agad iyon ng kanyang Mama. "B-bakit, Anak?"

"Aanhin ko po 'to?" at binitiwang niya ang isang malaking balot ng *clay*. "K-kala ko pa naman *t-transformer* na! Nasabi ko na kasi 'yon kay Ninang Ma'am Maria noon na gusto ko, *transformer*," halos naiiyak niyang sabi.

Naulinigan niyang nag-uusap ang kanyang Mama at Papa.

Nilapitan siya ng kanyang Mama pagkatapos na magpahid ng kamay sa kapisang telang nakasabit sa may lababo. Ginulo ang kanyang buhok. Hinaplos-haplos ang kanyang likod. Samantalang kinuha ng kanyang Papa ang *clay*.

“Napakapambihirang regalo ang ibinigay sa’yo, Anak ng Ninang Ma’am Maria mo,” sabi ng kanyang Mama habang patuloy na hinahaplos-haplos siya sa likod.

“Tingnan mo kung pa’no ‘to laruin,” sabi ng kanyang Papa habang kinukuha sa lalagyan ang *clay*.

“Magagawa mo anumang laruang gusto mo,” sabi ng kanyang Mama.

“Ano ang gusto mong laruan?” tanong ng kanyang Papa.

“*T-transformer* nga po, ‘Pa... ‘yong nagiging *robot*... nagiging sasakyan....”

“Gumawa muna tayo ng *robot*,” sabi ng kanyang Papa habang hinuhulmang *robot* ang *clay*. “Tingnan mong mabuti ang aking ginagawa.” Napansin ng kanyang Papa na malayo ang tingin niya.

“Ituon mong mabuti ang ‘yong atensyon sa ginagawa ng Papa mo,” susog ng kanyang Mama. “Makikita mo’t magkaka-*robot* ka maya-maya.”

“P-pa’no po?”

“Basta’t tumingin ka sa aking ginagawa.”

Namangha siya kinalaunan nang makalikha ng makulay na *robot* ang kanyang Papa. Nabuhay muli ang ningning sa kanyang mga mata.

“*R-robot* nga! At napakaganda!” Hinawakan niya ang *robot*. Sinipat-sipat.

“Kaya lang, Pa, *robot* lang po ‘to, e... kung *transformer*, magagawa pa rin sanang kotse, pero ‘to, di na p’wede.”

“Kung kotse naman ang gusto mo, kayang gawing kotse ang *robot* na ‘yan. Ganito...,” at kinuha sa kanya ng Papa niya ang *robot*.

Pinagsalikop ng kanyang Papa sa mga palad nito ang *robot* at inumpisahang hulmahing kotse. Hindi nagtagal, kotse na ang tumambad sa mga mata niya.

“K-kotse na nga!”

“Kahit anong gustuhin mo’y magagawa mo sa *clay* na ‘yan,” paliwanag sa kanya ng Papa niya.

“Anumang maisip mo ay magagawa mo,” dugtong ng kanyang Mama.

“Igawa n’yo naman po ako ngayon ng motorsiklo, ‘Pa.”

“Masyadong madali na ‘yon sa ‘kin. Kaya mo nang gawin ‘yon. Ikaw na ang gumawa.”

“Mahirap po yata ‘yon!”

“Kaya mo... madali lang. Maniwala ka lang sa’yong sarili.”

“Sige po, ‘Pa. Pero ‘pag di ko po makaya, kayo na po ang gumawa, ha?”

“Kaya mo ‘yan.”

Pinagmamasdan siya ng kanyang Mama at Papa habang humuhulma ng motorsiklo. Nahuhulog niya minsan ang ilang pirasong *clay*. Napapangiwi siya. Napapailing. Napapabuntunghinga. Nangangalay. Pinagpapawisan. Ngunit nagpapatuloy. At kapag napapatingin siya sa kanyang Papa na tila nagpapasaklolo, sasabihin nito: “Kaya mo ‘yan... kayang-kaya mo ‘yan.”

Maya-maya, tuwang-tuwa siya sa kanyang nagawang motorsiklo.

“Magaling!” puri ng kanyang Mama at Papa.

Masaya siyang humulma pa nang humulma ng anumang laruang maisip. Hanggang sa naalaala niya ang sinabi ng kanyang Ninang Ma'am Maria sa kaniya nang sabihin niya rito na *transformer* ang gustong-gusto niyang maging regalo sa kaniyang *birthday*. "May ireregalo ako sa'yo na ikaw mismo ang *transformer*... matututo ka... magiging magaling kang *transformer*!"

Bukas, pagpasok niya. Pupuntahan niya agad ang kanyang Ninang Ma'am Maria sa klasrum nito at pasasalamatan sa iniregalo nito sa kanya.

-Lumabas sa Liwayway Magasin noong Enero 8, 2018-

Freelipiniana

SI TANDUAN AT SI HINULAGAN

“WOOOOOOSSSHHH! Wuuuuuussshhh!”

Malakas na hangin at ulan ang pinakakawalan ni Hinulagan. Sumisipol. Humahaginit. Humahagupit sa natutulog na islang si Tanduan.

Galit siya kay Tanduan. Masayahing isla kasi ito. Tila halos walang problema. At galit siya sa masaya. Kaya, bibigyan niya ito ng problema.

“Woooooossshhh! Wuuuuuussshhh!”

NAGISING si Tanduan sa walang patid na hagupit ni Hinulagan.

Naramdaman niya ang sakit at lamig na noon pa lamang niya naramdaman. Ngumingiwing nanghihina't nangangaligkig siya. Paano na ang labing-isang munisipyo? Ang mga tao at ang kanilang mga ari-arian at pinagkakakitaan? Pababayaang na lang ba niyang masira at lumubog, kasama siya?

Nagdesisyon siyang lumabas sa pisikal niyang katawan upang mapigilan niya ang patuloy na paghahagupit ni Hinulagan.

“T-tanduaaan *t-tandoong!*”

Pinilit niyang makasigaw. Maya-maya, lumabas siyang metapisikal.

Hinarap niya si Hinulagan. Sinasalag niya ang sumisipol at humahaginit nitong hangin at ulan.

Pero sadyang malakas ang hangin at ulan ni Hinulagan. Tinatangay siya. Ibinabalya.

Namimilipit siya sa sakit. Naninigas sa lamig. Unti-unting naglalaho ang kanyang lakas lalo na nang makita niyang nasisira na ang mga kabahayan sa labing-isang munisipyo, natatabunan na ng gumuguhong lupa ang mga bahay sa gilid ng burol at bundok, inaanod na ang mga bahay na nasa malapit sa ilog at dagat kasama ang mga alagang hayop, tumataob na ang mga bangka at nalulunod na ang mga mangingisda, nalulunod na rin ang mga pananim, dumarapa na ang mga abaka at saging, tumitiplad na ang mga bunga ng niyog, napapaspas na ang mga lasa at sasa, at nabubuwal na ang mga kakahuyan.

Kailangang harapin niyang muli si Hinulagan at pigilan ito sa patuloy na pananalanta. Kailangan niyang magtipon ng lakas.

“A-a-a-a...!” Wala na siyang lakas.

Naisip niya si Kagurangnan. “T-tulungan N’yo p-po a-ako!”

At namalayan niya na lumalayo na si Hinulagan. Pero, nagbabanta, “Palulubugin kita!”

“K-kagurangnan, w-wag N’yo po a-akong p-pababayaan,” dagdag niyang pagsamo.

Lumabas si Langilang sa Silangan pagkaalis ni Hinulagan. Ang init na taglay ng sinag nito na tumatama sa kanyang katawan na halos hindi makagulapay ay nakapagpapanauli ng kanyang lakas. Sa kabila ng matinding kalungkutang bumabalot sa kanya ay sumibol ang pag-asa. Naniniwala siya na sagot ni Kagurangnan sa kanyang dasal ang sinag ni Langilang.

“Purihin ka, Kagurangnan! Patawarin N’yo po ako’t di ako nakahanda sa pananalanta ni Hinulagan. Maraming salamat po at di N’yo ako lubos na pinabayaan pati

na rin ang mga nilikhang nananahan sa 'kin. Bigyan N'yo po ako ng dunong upang malampasan ko ang aking kalagayan... na matalo ko si Hinulagan sa kanyang pagbabalik," taimtim niyang dasal.

May maliliit na tubig na gumuhit sa kaitaasan at nang tamaan ng sinag ni Langilang ay naghugis arko ito na may iba't ibang kulay.

Lumapit sa kanya. Nagpakilala.

"Ako si Dawani," banayad ang boses, nangungupkop.

Tila siya iniugoy. Lumakas lalo ang kanyang pakiramdam.

"Di ka na muling masasalanta kung ang lahat na taong nakatira sa'yo ay magkakaisa sa pagpapalano at pagsasakatuparan ng mga natatanging programa upang malabanan si Hinulagan... ang patuloy mong paglakas ay nakasalalay sa lakas ng kanilang pagkakaisa at paniniwala kay Kagurangnan,"sabi ni Dawani.

"Marami pong salamat! Gagawin ko ang nararapat kong gawin," pumikit siya at yumukod.

Masayang nakamasid si Langilang na nagpalakas sa taglay nitong sinag.

Naging pira-piraso si Dawani. Dumantay sa nananangis na mga tao, mga alagang hayop na pasuling-suling kung saan, at takot na mga ibon; lumapag sa winalis na kabundukan; at humalo sa binabaha pang kabukiran at tumana, malakas pang agos ng ilog at maalon pang karagatan.

Naramdaman niya ang kalinga ni Dawani. Lumakas pa siyang lalo.

TINIPON ni Tanduan sa Sentro ang lahat na nakaligtas na tao sa labing-isang munisipyo. Nagsalita siya. "Alam ko kung gaano kayo kalungkot sa pagkawala ng mga mahal n'yo

sa buhay, mga alagang hayop gayundin ang inyong mga pinagkakakitaan... Sinubukan kong pigilan si Hinulagan pero di kinaya ng manipis kong katawan ang lakas na taglay niya. Kailangan ko ang tulong n'yo... ang pagkakaisa n'yo upang matalo natin si Hinulagan.”

“Bilang ako ang namumuno sa labing-isang munisipyo, payagan mo po ako na manguna sa pagpapalano at pagsasakatuparan ng mga natatanging programa upang malabanan natin si Hinulagan,” hiling sa kanya ni Payó na masayang pinayagan niya.

“Hilingin n'yo lagi ang basbas ni Kagurangnan...,” bilin niya.

ISINAAYOS sa labing-isang munisipyo ang lahat na nasirang bahay sa disenyong hindi na basta maititiplad ang mga bubong pati na ang mga dingding ng kahit napakalakas na hangin at ulan. Hindi na nagtayo ng bahay sa may ilog, dagat, at gilid ng burol at bundok. Nagsipagtanim ng kahoy sa kabundukan. Naghukay ng stratehikong daluyan ng tubig. Nagpatupad ng magandang sistema sa pagbabasura. Bumuo ng komite sa mitigasyon. Nagpatayo ng evacuation center. Bumili ng makabagong kagamitan upang malaman kung kailan muling darating si Hinulagan.

Sa bawat programang naisasakatuparan, lumalakas si Tanduan.

NAGPASALAMAT si Tanduan kay Payó, sa lahat na tao at kay Kagurangnan dahil sa mga programang naisakatuparan, at sa relief na dumating mula sa iba't ibang lugar na maayos na naipamahagi sa lahat.

Mas lalong lumalim ang kanyang paniniwala kay Kagurangnan. Kaya, kung nasalanta man siya ni Hinulagan, ngayon, alam na niya na isa lamang iyon na paraan ni Kagurangnan upang maging lagi siyang handa sa posibleng dumating na pagsubok.

Kaya, pagbalik ni Hinulagan, agad niya itong hinarap.

“Gising ka na Tanduan... at parang lalaban ka na!” pang-uuyam ni Hinulagan.

“Mula ngayon, di mo na ako masasalanta!”

“Haaaaaaaarsh! Haaaaaaaarsh!” nakaiinsultong tawa ni Hinulagan na agad na pinakawalan ang sumisipol at humahaginit na hangin at ulan na mas malakas kaysa una.

“Wooooooooosssshhhh! Wuuuuuuuusssshhhh!”

Nasasalag niya ang hagupit ni Hinulagan. Kung gaano kanipis at kahina ang katawan niya noong una, ganoon na kakapal at kalakas ito ngayon.

May mga nakalulusot mang hagupit sa makapal at malakas na niyang katawan ay hindi na ito makasisira ng bahay na matibay na ang pagkakagawa; wala nang maaanod na bahay dahil wala nang nagtayo sa may ilog at dagat; wala nang matatabunang bahay dahil wala nang nagtayo sa gilid ng burol at bundok; wala nang mangingisda na malulunod dahil wala nang namalakaya; wala nang maaanod na alagang hayop dahil nakasuga na ang mga ito sa matataas na lugar at ang iba ay ginawan pa ng matibay na masisilungan; mahagip man ang mga pananim hindi na grabe o halos wala nang masisira dahil inani na ang mga dapat anihin, ang abakanhan ay hina-gotan na, at ang kalubinnan ay kinoprahan na.

Naubos na ang lakas ni Hinulagan pero wala pang nasalanta maliban ang iilang kakahuyang nangabuwal. Pero hindi gaanong naligalig si Tanduan dahil alam niya, kinaumagahan, sisibol ang mga bagong dahon ng mga ito at yayabong muli.

“Di mo ako mapalulubog, Hinulagan! Ang lakas ko’y nasa mga tao at kay Kagurangnan!” matapang na sabi niya.

“D-di a-ako t-titigil. B-babalikan k-kita!” si Hinulagan, hinihinal.

“Haharapin kita lagi!”

Sabay-Sabay na nagpasalamat at nagpuri kay Kagurangnan si Tanduan, si Payó at lahat ng tao.

SAMANTALA, si Hinulagan ay hindi mapakali. Ayaw niyang maging masaya si Tanduan pero masaya na muli ito. Gusto niyang bigyan ito ng problema pero siya ngayon ang namomroblema. Palulubigin niya. A, oo, palulubugin nga pala niya!

Hinigop ng mainit niyang hangin ang maraming tubig sa karagatan. Hinila pataas at hinigop ang malamig na hangin na nasa palibot hanggang maging maitim na ulap. Umikot nang mabilis habang patuloy na lumalapad, kumakapal at umiitim.

Kailangan niya ng pinakamalakas na hangin at napakaraming ulan upang palubugin si Tanduan. Hindi siya magpapatalo.

Lumipad siyang umiikot nang mabilis papunta muli kay Tanduan. Malayo pa siya, nakita na niyang nakaharap na sa kanya si Tanduan. Lumiliwanag ang matatag na katawan nito sa pag-aabang sa kanya. Handang-handang makipagtunggalian sa kanya.

Kung noong una niyang paghagupit, natutulog si Tanduan, gising na gising na ngayon at wala nang takot, kahit pa napakalakas na hangin at napakakapal na ulan ang taglay niya.

“Alikaaaaaaa!” hamon sa kanya ni Tanduan.

Yumuko siya. Nakita niya na handang-handa rin sa kanyang pagdating ang lahat na tao sa pamumuno ni Payó. Pinangaligkig siya ng sariling lamig. Lalo na, nagsisipagdasal pa ang lahat.

Tiningnan niyang muli si Tanduan. Nakaposisyon na. Umikot siya nang mabilis kasabay ang napakalakas na hangin at napakakapal na ulan.

“Waaaaaaaassshhhh... waaaaaaaassshhhh!”

Lumipad. Lihis kay Tanduan.

LUMABAS si Langilang. Nagkahugis si Dawani sa napakaputing ulap na hugis ng mukha ni Kagurangnan.

Muli, sabay-sabay na nagpasalamat at nagpuri si Tanduan, si Payó, at lahat na tao, kay Kagurangnan.

MASAYANG-MASAYANG nagpasalamat sa lahat si Tanduan. At sumigaw na ito pabalik sa pisikal niyang katawan.

“Tandoooooong Tanduaaaaaan!”

Tandong- imbulog

Hinulagan- anagram ng hangin at ulan

-Lumabas sa Liwayway Magasin noong Agosto 1-15, 2019-